*MODULE 6.7*

# CURRICULUM AND INSTRUCTION: EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA AT PAGPAPAKATAO

*Teacher Induction Program*

Teacher Education Council, Department of Education

**Twila Punsalan, Ph. D.**
Writer

**Bernadette S. Pablo, M. Ed.**
Reviewer

**Cecilia D. Alip, Ed. D.**
Editor

***All rights reserved. This module may not be reproduced in any form without the permission of the Teacher Education Council, Department of Education.***

TEACHER INDUCTION PROGRAM

# MODULE 6.7

# *Curriculum and Instruction: Edukasyon sa Pagpapahalaga at Edukasyong Pagpapakatao*

# PANIMULA

Malugod ka naming binabati sa iyong pagsisimulang magturo ng mga batang Pilipino. Mapaghamon at nangangailangan ng ibayong atensyon ang napili mong propesyon ngunit may kasabihang "ang pagtuturo ang pinakamagiting na propesyon sa dahilang ito ay paghubog ng mga mag-aaral upang lumaki silang may mabuting pagkatao at maging responsableng mamamayan."

Higit kang magiging magiting at epektibong guro dahil ikaw ang huhubog sa mga pagpapahalaga at wastong pag-uugali ng mga batang iyong tuturuan. Bawat guro ay inaasahang magkintal ng mga pagpapahalaga sa kanilang mag-aaral. Samakatwid, tulad ng ibang guro, Ikaw ay may higit na pananagutan sa paggabay ng mga mag-aaral upang maging ganap ang kanilang pagkatao. Ito ay nangangahulugang ikaw ay hindi lamang maglilinang ng kanilang kaalaman at kasanayan sa iba't ibang paksang-aralin kundi sa kanilang magagandang asal at wastong pag-uugali.

Ang Modyul na ito ay inaasahang makakatulong sa iyo sa pagharap mo sa mga hamon ng BEC 2002 tungkol sa paglinang ng mga pagpapahalaga at wastong pag-uugali ng mga mag-aaral. Alam naming naaalala mo pa na ang pagtuturo ng pagpapahalaga ay ginawang asignaturang Edukasyong Pagpapakatao at EP (Edukasyon sa Pagpapahalaga) sa antas sekondarya. Maliban dito, inaasahan namin na ikaw, bilang guro, ay makapagsasanib ng mga karampatang pagpapahalaga sa iyong mga aralin, ikaw man ay nagtuturo ng hiwalay na asignatura ng EP o Edukasyong Pagpapakatao, o nagsasanib ng pagpapahalaga sa Mathematics, Science, Filipino, English o Makabayan.

Ang EP at Edukasyong Pagpapakatao ay mga komponent ng asignaturang Makabayan. Kasama rito ang iba pang komponent gaya ng TLE (Technology and

Livelihood Education); Araling Panlipunan (HEKASI) at MAPEH (Music, Arts, PE and Health).

May limang (5) pangunahing aralin na pag-aaralan nang masusi sa Modyul na ito: Una, Ang Batayan at Pilosopiya ng Pagtuturo ng Pagpapahalaga; Pangalawa, Ang Pilosopiya ng Tao at Paghubog ng Pagpapahalaga; Pangatlo, Ang Proseso ng Pagpapahalaga at ang Proseso Bilang Estratehiya ng Pagtuturo; Pang-apat, Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo ng Edukasyong Pagpapakatao at EP; at Panlima, Pagtataya ng Pagpapahalaga.

May mga inihanda sa Modyul na ito na mga ilang uri ng Pagtataya. Ang mga ito ay makatutulong sa iyo sa paglinang ng mga kasanayang nilalayong mapaunlad ng kagamitang ito. Isa sa mga pagtataya ay ang Pretest. Bago mo simulang pag-aralan ang mga aralin, sagutin mo lahat ang mga aytem sa Pretest at pagkatapos ay iwasto ang iyong mga sagot. Makikita ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng Modyul.

Bawat aralin ay may mga ilang SCQ (Self Check Questions). Ang mga ito ay may layuning matulungan kang matandaan at matiyak kung mabisa nga ang pag-aaral mo sa mga aralin. Pagkatapos mong mapag-aralan lahat ng mga aralin sa Modyul na ito, mayroon ding isang Summative Test na iyong magagamit upang mataya ang iyong mga pagkatuto sa limang aralin ng Modyul.

# MGA LAYUNIN NG MODYUL

1. Maipaliwanag ang pilosopiya at batayan ng pagtuturo ng pagpapahalaga.

2. Masuri ang pitong (7) dimensyon ng tao at mga kaukulang pagpapahalaga na batayan ng pagtuturo ng pagpapahalaga.

3. Matalakay ang kalikasan ng tao at ang proseso ng kanyang pagpapahalaga, at malinang ang epektibong kaugnayan sa sarili, kapwa, bayan at sa Diyos.

4. Mabalangkas ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagpapahalaga at pagsasanib nito sa iba't ibang aralin.

5. Matalakay ang mga estratehiya para sa mga gawaing nagpapahalaga sa pagkatuto ng mga bata sa isang "child-friendly school system."

6. Makagawa ng halimbawa ng mga aralin sa pagtuturo/pagsanib ng mga pagpapahalaga.

7. Makagawa ng halimbawa ng tradisyonal at di-tradisyonal na estratehiya ng pagtataya ng pagkatuto sa Edukasyong Pagpapakatao o EP.

# TALAAN NG NILALAMAN


**Pahina**

**Aralin 1 Mga Batayan ng Pagtuturo ng Pagpapahalaga**

- Panimula 3
- Paksa: Batayan ng Pambansang Programa ng Edukasyon sa Pagpapahalaga (EP) 4
- Paksa: Ang Batayan ng DepEd Para Pagtuturo ng Pagpapahalga 7
- Paksa: Kahulugan ng Pitong (7) Pangunahing Pagpapahalaga 10

**Aralin 2 Ang Pilosopiya ng Tao at ang Paghubog ng Pagpapahalaga**

- Panimula 16
- Paksa: Ang Pilosopiya ng Tao 18
- Paksa: Mga Pilosopiya ng Pagpapahalaga 19
- Paksa: Ang Kalikasang Materyal at Ispiritwal ng Tao 27
- Paksa: Pagpapahalaga: Kahulugan at Uri 32
- Paksa: Batas Moral: Batayan ng Pagpapahalaga 41

**Aralin 3 Ang Proseso ng Pagpapahalaga (Valuing Process)**

**Bilang Estratehiya ng Pagtuturo**

- Panimula/Layunin 44
- Paksa: Mga Pamantayan at Elemento ng Proseso ng Pagpapahalaga 45
- Paksa: Ang Proseso Bilang Estratehiya ng Pagtuturo 49
- Paksa: Ang Paraan ng Pagtatanong sa Proseso ng Pagpapahalaga 50

**Aralin 4 Ang Mga Pamamaraan at Estratehiya ng Pagtuturo sa EP at Edukasyong Pagpapakatao**


- Panimula/Layunin 53
- Paksa: Mga Pangunahing Estratehiya sa Pagtuturo at Pagpapahalaga 54
- Paksa: PNU-ACES Approach: Pamamaraan sa Pagtuturo ng Pagpapapahalaga 61
- Paksa: Pagtuturo ng Pagpapahalaga sa Pamamagitan ng Child-Friendly School System 68
- Paksa: Pagsasanib ng mga Pagpapahalaga 75
- Pagsanib sa pamamagitan ng Pagtatanong o "Value Processing" 76


**Aralin 5 Ang Pagtataya Sa Apektibong Pagkatuto**


- Panimula 85
- Paksa: Pagtataya ng Pagpapahalaga 87
- Paksa: Mga Estratehiya ng Pagtataya 89
- Paksa: Ang Pamamaraang Portfolio at Rubrics 96

# PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Isulat ang sagot nang maikli sa bawat aytem. Kung hindi alam ang sagot isulat lamang ang DAGA (Di-Alam pero Gustong Alamin) sa patlang. Maaaring sa Filipino o Ingles ang sagot.

1. Sumulat ng limang (5) elemento ng pilosopiya ng tao.
2. Ano ang pitong pangunahing pagpapahalaga (7 core values) na naaayon sa pitong dimensyon ng tao?
   a. dimensyong intelektwal
   b. dimensyong ispiritwal
   c. dimensyong pisikal
   d. dimensyong moral
   e. dimensyong sosyal
   f. dimensyong ekonomik
   g. dimensyong political
3. Sang-ayon ka ba na ang ubod ng mga pagpapahalaga na pinagtutuunan ng pagtuturo o pagsanib ng pagpapahalaga ay dangal pantao (Human dignity) at bakit?
4. Ano ang pangunahing layunin ng paghubog ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral?
5. Isulat ang alam mong pinanggalingan ng tao at kung saan siya patutungo.
6. Ano ang iyong batayan sa iyong sagot sa bilang 5?
7. Ano ang pakultad o kakayahan ng tao na wala sa ibang nilalang? Ipaliwanag ang sagot.
8. Ano ang ibig sabihin ng malayang kalooban?
9. Ano ang ibig sabihin ng pagpapahalaga?
10. Ano ang mga uri at antas ng pagpapahalaga?

**Twila Punsalan, Ph. D.**
Writer

**Bernadette S. Pablo, M. Ed.**
Reviewer

**Cecilia D. Alip, Ed. D.**
Editor

***All rights reserved. This module may not be reproduced in any form without the permission of the Teacher Education Council, Department of Education.***

11. Ano ang Batas Moral?
12. Ano ang 3 elemento at 7 pamantayan ng proseso ng pagpapahalaga?
13. Magbigay ng 2 estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng pagpapahalaga na nasa uri ng bawat pagdulog.
14. Ano ang 4 na bahagi ng pagdulog ACES?
15. Maglista ng tatlong mga pamaraan o estratehiya na maaaring makatulong sa pagkaroon ng isang “Child-Friendly School System” na magagawa ng Guro sa EKAWP o EP?
16. Anong 3 gawi ng tao ang maaaring mataya na nagpapakita ng kanyang pagpapahalaga?
17. Sumulat ng 5 estratehiya sa pagtataya ng pagpapahalagang maaaring nalinang sa pagtuturo ng guro.

# ARALIN 1


# MGA BATAYAN NG PAGTUTURO NG PAGPAPAHALAGA

## PANIMULA

Naisip mo na marahil na ang sinuman ay maaaring makapagturo o makapagbigay ng impluwensya sa paghubog ng pagpapahalaga ng isang bata. Halimbawa ay ang mga magulang, nakakatandang kapatid at kaanak, mga kaibigan, mga opisyal ng bayan, o mga relihiyoso. Ngunit naisip mo rin ba na sila ay may kani-kanilang batayan o oryentasyon kung paano ang paghubog ng mga pagpapahalaga? Sa paaralan, ikaw, bilang guro ang pangunahing tagahubog ng mga pagpapahalaga. Ang sabi nga, “Every Teacher is a Values Education Teacher.”

Maliwanag kaya sa iyo ang iyong batayan at pilosopiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng iyong mga tuturuan? Sa dami ng mga pagpapahalaga, alin sa mga ito ang iyong uunahin o bibigyan ng kaukulang pansin? Paano mo kaya ituturo ang mga ito? Paano mo kaya isasanib ang mga pagpapahalagang ito sa iyong aralin?

Ang pagtuturo ng EP at Edukasyong Pagpapakatao sa Kurikulum ng BEC 2002 ay may iminumungkahing batayan para sa lahat ng guro upang higit na maging maayos ang pagtutulungan ng iba’t ibang mga asignatura sa paghubog ng sistema ng pagpapahalaga ng iyong mag-aaral. Sa araling ito ay mahalagang maunawaan mo ang pangunahing batayan ng iyong kaukulang pagtuturo ng pagpapahalaga.



# MGA LAYUNIN

Pagkatapos ng araling ito, inaasahan sa iyo na:

1. maipaliwanag ang pilosopiya ng pagtuturo ng edukasyon sa pagpapahalaga
2. mabigyang-kahulugan ang pitong pangunahing pagpapahalaga ng tao (core values of the human person) at mga kaugnay na pagpapahalaga ng mga ito
3. maikatwiran ang pagsang-ayon na ang dangal ng tao (human dignity) ang pinakaubod o sentro ng paglinang ng sistema ng pagpapahalaga ng tao
4. maitalaga ang sarili sa paggamit ng "Values Education Program Framework" ng DepEd bilang pangunahing batayan sa pagtuturo o pagsanib ng mga pagpapahalaga sa mga aralin



# BASAHIN

## Batayan ng Pambansang Programa ng Edukasyon sa Pagpapahalaga

### Batayan Mula sa Saligang Batas

Bago pa ipinatupad ang BEC 2002, may mga legal na batayan na sa paglinang ng mga pagpapahalaga sa lahat ng mga paaralan gaya ng Konstitusyon ng Pilipinas. Natatandaan mo ba kung anong mga pagpapahalaga ang nakasaad sa "preamble" nito?

**Preamble**

*"We, the sovereign Filipino people, imploring the aid of the almighty God, in order to build a just and humane society and establish a Government that shall embody our ideals and aspirations, promote the common good, conserve and develop our patrimony, and secure to*

*ourselves and our posterity the blessings of independence and democracy under the rule of law and a regime of truth, justice, freedom, love, equality, and peace, do ordain and promulgate this Constitution."*

Una, nakasaad sa *Preamble* ang pagiging **Maka-Diyos** ng Pilipino, ang kanyang paghingi ng tulong sa Makapangyarihang Diyos. Pangalawa, ang pagiging **Makatao** sa pamamagitan ng pagbuo ng makatarungan at makataong lipunan. Pangatlo, ang kanyang pagiging **Maka-kalikasan** sa pamamagitan ng pangangalaga at pagpapaunlad ng kamanahan at kalikasan; at pang-apat, ang pagiging **Makabayan** sa pagtatag ng pamahalaang magtataguyod sa kabutihang panlahat, kasarinlan, demokrasya, katotohanan, katarungan, kalayaan, pag-ibig, pagkapantay-pantay at kapayapaan.

Pangalawang batayang legal ay ang nakasaad sa probisyon ng Artikulo XIV, Seksyon 3.2 *"All educational institutions shall inculcate patriotism and nationalism, foster love of humanity, respect for human rights, appreciation of the role of the national heroes in the historical development of the country, teach the rights and duties of citizenship, strengthen ethical and spiritual values, develop moral character and personal discipline, encourage critical and creative thinking, broaden scientific and technological knowledge , and promote vocational efficiency."*

Isa pang batas, ang *Governance of Basic Education Act of 2001*, ang nagsasaad ng paglinang ng mga pagpapahalaga para sa mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya. Sa katunayan, binigyang-diin sa pilosopiya ng BEC 2002 ang paghubog ng mga Pilipinong mag-aaral na may mga pagpapahalagang Makabayan, Makatao, Maka-kalikasan, at Maka-Diyos. Maliwanag sa isinasaad sa batas na maaaring pangkatin sa pangunahing pagpapahalaga na maaaring linangin sa mga mag-aaral.



## SCQ 1.1

Maliwanag sa impormasyong nabasa mo na maaaring pangkatin sa apat ang pangunahing pagpapahalaga na lilinangin sa mga mag-aaral. Ano ang mga patunay sa panimula ng Konstitusyon na hangarin ng bawat Pilipino ang mga pangunahing pagpapahalagang nasa unang hanay? Isulat sa pangalawang hanay ang batay sa Preamble at sa pangatlong hanay ang mga ibinatay sa Article XIV, Sec. 3.2 ng Konstitusyon.

| | **Preamble** | **Article xiv, Sec 3.2** |
|---|---|---|
| ▪ Maka-Diyos | | |
| ▪ Maka-Tao | | |
| ▪ Maka-Kalikasan | | |
| ▪ Maka-Bayan | | |

## Ang Batayan ng DepEd Para Sa Pagtuturo ng Pagpapahalaga


Noong 1987, ang DepEd sa pakikipagtulungan sa United Nations National Commission on Education, ay bumuo ng "Values Education Program (VEP) Framework" at ito ay narebisa at napabuti noong 1997. Ito ay iminungkahi ng DepEd na maging batayan para sa pagtuturo o pagsasanib ng mga pagpapahalaga sa iba't ibang aralin sa lahat ng antas: elementarya, sekundarya at tersyarya.

Binigyang-diin sa narebisang "VEP Framework" hindi lamang ang mga pangunahing pagpapahalaga ng nakasaad sa Saligang Batas, kundi maging ang mga pagpapahalagang kinakailangan ng ating bansa sa kasalukuyan gaya ng pagmamahal sa bayan, pagkamagiting o pagkabayani, kamalayang pang-sibiko at aktibong partisipasyon; sinserong pamumuno, at pagkakaisa. Binigyang-diin ang mga suliraning pangdaigdig gaya ng kapayapaan, pagbibigay toleransya, paggalang sa karapatan, demokrasya at likas-kayang pag-unlad.

Ilan sa mga mahahalagang elemento ng "VEP Framework" ay:

- Ang pilosopiya sa pagtuturo ng pagpapahalaga ay nakabatay sa pilosopiya ng tao. Ang tao ang sentro ng pagtuturo. Siya ang paksa at siya rin ang layunin ng pagkatuto. Isinasaalang-alang ang kanyang mga kalikasan at ang pagpapaunlad ng kanyang potensyal na maging ganap na tao.
- Bilang sentro ng pagtuturo, ang tao ay maraming dimensyon. Siya ay isang aktibong indibidwal na nakikipag-ugnayan sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa kanyang pamayanan.

Naaalala mo pa ba ang dayagram na ito? Napansin mo bang nasa sentro ang TAO? Anu-anong mahahalagang salik ang nakapaligid sa kanya?




**ANG MGA DIMENSYON NG TAO**


Makikita sa dayagram ang pitong (7) dimensyon ng tao (seven [7] dimensions of the human person) batay sa DepEd VEP Framework. Ilan sa mga mahahalagang konseptong dapat tandaan tungkol sa pilosopiya ng paghubog ng pagpapahalaga ng tao ay ang mga sumusunod:

- Ang tao ay may kalikasang ispiritwal at materyal (Pisikal at Ispiritwal na dimensyon).
- Ang tao ay may isip at kamalayan at hindi matatawaran ang kanyang mga potensyal na mapaunlad ang kanyang pagkatao. (Intelektwal na dimensyon)
- Ang tao ay nakikiugnay sa kanyang kapwa. Bahagi siya ng kanyang pamilya at ng kanyang pamayanan sa pagtatamo ng kabutihang panlahat. (Sosyal at Moral na dimensyon)
- Ang tao ay may pangangailangan at pananagutang ekonomik sa kanyang sarili at sa kanyang kapwa.(Ekonomik na dimensyon)
- Ang tao ay politikal. Kasama siya sa pagbuo ng makatao at makatarungang lipunan.(Politikal na dimensyon)



# GAWAIN 1.1

Maalala mo kaya ang pitong (7) karampatang pangunahing pagpapahalaga ng mga dimensyong ito? Isulat mo ang mga ito sa dayagram sa ibaba. Ano ang pinakapangunahing pagpapahalaga? Isulat sa ubod o sentro ng dayagram:




Ang pinakaubod na nasa sentro ng mga pagpapahalaga ay **dignidad pantao**. Ano sa iyong opinyon ang kahulugan nito?

**Pitong (7) Pangunahing Pagpapahalaga (Seven [7] core values)**

Anu-ano ang mga pangunahing pagpapahalaga ng bawat dimensyon ng tao?

- Ispiritwal
- Intelektwal
- Pisikal
- Moral
- Sosyal
- Ekonomik
- Politikal

(*Maaari mong tingnan ang mga tamang kasagutan sa huling bahagi ng Modyul. Sa susunod na paksa ay tatalakayin din ang mga pagpapahalagang ito.)*

## Kahulugan ng Pitong (7) Pangunahing Pagpapahalaga

Ang VEP Framework, (1997) ay nagbigay ng kahulugan ng bawat "core value". Ang mga ito ay hindi pa naisasalin sa Filipino kung kaya't ito ay nakasulat sa Ingles.

1. ***Health and Harmony with Nature***: Health used to mean the absence of disease but today one speaks of holistic health, a state of physical, mental and social well-being and not merely the absence of disease or infirmity. Harmony with nature relates with reverence and respect for life and responsibility for the natural environment.

2. ***Truth and Tolerance:*** Love of truth implies the tireless and enthusiastic search for knowledge in all its forms. Tolerance refers first and foremost to a disposition of the mind, which calls for the eradication of prejudices and insensitivities.

3. ***Love and Goodness:*** Love includes love for one's self as well as for others. It is the will to extend one's self for the purpose of nurturing one's own or another's spiritual growth. The ability to love begins with the appreciation of one's own worth and a sense of one's own power and goodness (kagandahang-loob). These enable a person to reach out to others.

4. ***Global Spirituality***: Global Spirituality refers to a spiritual journey, which has three directions: the inward, outward and forward. The inward journey enables us to develop our inner relationship with God or the sacred source of life. The outward journey allows us to grow in our relationships with the human community and the whole earth community, making us more aware of the deep unity among all humans as well as between humans and all of Nature. The forward journey challenges us to consider our relationships with future generations and to seek a better future for all humans and the earth. Global spirituality cultivates faith in God (pananampalataya sa Diyos), inner peace and peace in all our relationships.

5. ***Peace and Justice**:* At the bottom of all efforts to build a just and peaceful society is the presence of a creative goodwill (kagandahang-loob) in persons. It is a virtue that seeks not self-interest but the good in others. Strengthening the family as the foundation of the nation is a primary goal. Respect for human rights is very important in achieving a just and peaceful society. Likewise, the society also needs to be characterized by a genuine concern for the common good and by cooperation.

6. ***Sustainable Human Development*****:** Human well-being cannot be equated with economic growth alone. Hence, what is called for is the type of development that is characterized by a balance between economic and social development. This means that social costs, such as the exploitation and ill-treatment of workers, should not be allowed in the guise of achieving quick economic growth. Economic growth should always be balanced by considerations of human and social well-being. Economic development should also be sustainable. This means there should be protection of the environment and wise use of resources.

7. ***Nationalism and Globalism**:* Within the Philippines, love of country is the foremost value. It implies a deep concern over the present and the future of the country and its people, as well as action to help in the nation's over-all development. This calls for heroism, which mainly means living a life of selflessness and sacrifice to attain a higher good, the good of the country. Solidarity and unity for the country must go beyond the boundaries of the nation toward gobal solidarity and international understanding. All humans have common basic needs and aspirations despite differences. The world is an interdependent human/global community and has only one common home, planet Earth, and therefore, a common future.



# GAWAIN 1.2

Maraming mga pagpapahalaga na kaugnay ng bawat “core value” sa VEP Framework. Maaari mong ilista rito ang lahat na maisip mong kaugnay ng pagpapahalaga. Maaari mo itong isulat sa Filipino o English.

| Core Values | Related Values |
|---|---|
| ▪ *Health and Harmony with Nature* | *Ex. Holistic Health* |
| ▪ *Truth and Tolerance* | *Ex. Love of Truth* |
| ▪ *Love and Goodness* | *Ex. Self-worth* |
| ▪ *Global Spirituality* | *Ex. Faith in GOD* |
| ▪ *Peace and Justice* | *Ex. Respect* |
| ▪ *Sustainable Human Development* | *Ex. Protection of Environment* |
| ▪ *Nationalism and Globalism* | *Ex. Love of Country* |

*Maaari mong tingnan kung paano nagkapareho ang iyong sagot sa listahan ng mga “Related Values” sa Apendiks ng Modyul na ito.*



# SCQ 1.2

Piliin ang tamang sagot mula sa apat na opsyon sa bawat aytem. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang layon ng Edukasyon sa Pagpapahalaga ay ang pagpapaunlad ng kaganapan ng tao. Alin sa mga sumusunod ang may pinakamahinang kaugnayan sa layong ito?
   a. pagtamo ng personal na ambisyon o tagumpay
   b. pagtatag ng makatarungan at makataong lipunan
   c. pagtatag ng mga istrukturang magsulong ng likas-kayang pag-unlad
   d. pagpapaunlad ng pangangalaga sa pambansang kalinangan

2. Ang pagtuturo ng pagpapahalaga ay inaasahang maisasanib sa lahat ng mga asignatura. Ito ay nangangahulugang:
   a. Ang bawat guro ay magtuturo ng pagpapahalaga sa mga mag-aaral.
   b. Ang mga guro ay pipiliting magturo ng pagpapahalaga araw-araw.
   c. Ang pagsanib ng pagpapahalaga ay paminsan-minsan lamang.
   d. Ang mga gurong nagsasanay lamang ang magtuturo ng pagpapahalaga.

3. Ang pagpapaunlad ng dangal pantao (human dignity) ang pinakaubod ng pagtuturo ng pagpapahalaga. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalaga sa pagtamo ng layuning ito?
   a. Mag-abuloy sa mga mahihirap at nangangailangan.
   b. Matutong maisabuhay ang kalayaan sa pamamahayag.
   c. Alamin at unawain ang kahulugan ng magpakatao.
   d. Ipagsanggalang ang mga pangunahing karapatang pantao.

4. Ang potensyal ng tao para sa kanyang kaganapan ay naipapakita sa mga susunod maliban sa isa:
   a. pangangalaga ng kanyang dangal pantao
   b. paglinang ng kanyang pitong dimensyon
   c. paglinang ng pitong pangunahing pagpapahalaga
   d. pagtuon ng pansin sa kanyang materyal na kalikasan

5. Ang pagtuturo ng mga pagpapahalaga ay naglalayong mapaunlad ang isang ganap na tao na nakakapamuhay sa isang makatarungan at makataong lipunan at sa malaya at demokratikong bansa. Alin sa mga sumusunod ang hindi resulta ng layuning ito?
   a. isang taong naniniwala sa sandaigdigang relihiyon
   b. isang taong may sariling kaganapan at may dangal
   c. isang taong matalino, produktibo at marunong mangasiwa ng kanyang emosyon
   d. isang taong mapagkapwa at may pananagutan sa kanyang pamayanan at bansa

*(Tingnan ang mga tamang sagot sa Susi sa Pagwawasto sa huling bahagi ng Modyul. Kung mayroon kang hindi nasagutan nang tama, balikan ang aralin at pag-aralang mabuti kung paano mo itama ang iyong mga kasagutan.)*



# ARALIN 2
# ANG PILOSOPIYA NG TAO AT ANG PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA

## PANIMULA

Mayroon ka nang batayan ng pagtuturo ng pagpapahalaga. Sino ang iyong tuturuan? Alam mo ba ang kanyang kalikasan? Matutulungan mo ba ang iyong mag-aaral na alamin kung sino sila? Ikaw, bilang tao, at bilang guro, alam mo ba ang iyong kalikasan? Alam mo ba kung sino ka? Saan ka nanggaling at saan patutungo? Naniniwala ka bang ikaw ay galing sa lupa? Naalala mo ba ang awit na ito?

LUPA
Rico J. Puno

Nagmula sa lupa, magbabalik na kusa
Ang buhay mong sa lupa nagmula
Bago mo linisin ang dungis ng 'yong kapwa
Hugasan ang 'yong putik sa mukha

Kung ano ang 'di mo gusto
Huwag gawin sa iba
Kung ano ang 'yong inutang
Ay s'ya ring kabayaran


Sa mundo ang buhay ay mayroong hangganan
Dahil tayo ay lupa lamang

Kaya't pilitin mong ika'y magbago
Habang may panahon ika'y magbago
Pagmamahal sa kapwa ay isipin mo

Sa mundo ang buhay ay mayroong hangganan
Dahil tayo ay lupa lamang

Kaya't pilitin mong ika'y magbago
Habang may panahon ika'y magbago
Pagmamahal sa kapwa ay isipin mo.

Tunay nga na maraming katanungan tungkol sa ating pagkatao. Maraming maaaring mapag-aralan tungkol sa ating pinanggalingan, patutunguhan at ang buhay natin sa mundo. Bilang guro na may gampaning humubog sa pagkatao ng iyong mga mag-aaral, nararapat na sapat ang iyong kaalaman sa kalikasan ng tao bago mo tangkaing hubugin ang kanyang mga pagpapahalaga. Ito ay upang malaman mo rin ang mga paraan sa paggabay sa mga bata na mapabuti ang kanilang "ka-sinuhan".



## MGA LAYUNIN

Pagkatapos ng araling ito, inaasahan sa iyo na:

1. Maipaliwanag ang pilosopiya ng tao, ang kanyang materyal at ispiritwal na kalikasan
2. Mapanindigan ang mga moral na batayan ng pagpapahalaga
3. Maranasan ang ilang gawain na makatutulong sa pagkilala at pagpapaunlad ng pagkatao
4. Masuri at maipaliwanag ang iba't ibang kahulugan, kalikasan at mga uri ng pagpapahalaga
5. Maipaliwanag ang proseso ng pagpapahalaga (valuing process)
6. Mahalaw ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa pagtatamo ng kaganapan ng isang tao



# BASAHIN

## ANG PILOSOPIYA NG TAO

### Saan ka Nagmula at Saan Patutungo?

May iba’t ibang pinagbabatayan ng pinagmulan at patutunguhan ng tao. May mga alamat gaya ng alamat na may kwentong nanggaling sa kawayan ang unang tao na sina Malakas at Maganda. Ang alamat naman ng Ifugao ay nagsasabing tatlong klase ng tao ang nilikha ni Kabunian na naging ninuno ng iba’t ibang tao sa daigdig. Ang mga alamat ay kathang-isip lamang at batay sa kultura at oryentasyon ng may akda. Ang mga alamat ay magkakaiba ngunit may pare-parehong paniniwalang ang tao ay nagmula sa isang Dakilang Lumikha.

Ang relihiyon at pilosopiyang moral ay may kaugnayan sa isa’t isa. Ang ilang pilosopo ay naniniwala na may Dakilang Lumikha at sa kanya nagmula ang tao. Ang kalikasan ng tao ay naaayon sa plano at kagustuhan ng Maykapal. Subalit ang agham at relihiyon ay tila hindi magkatugma. Sa mahabang panahon, ito ay nagdulot ng pagkalito sa mga tao, lalo pa’t ang natuklasan sa pag-aaral ng agham ay tinutuligsa ng simbahan. Ngunit sa masusing pag-aaral at pagsusuri, ang simbahan at agham ay nagkakaisa. Tiningnan ng simbahan ang teorya ng ebolusyon sa ibang anggulo. Sinasabi ng simbahan na ang ebolusyon ay ang pagsusumikap ng tao na makamit ang kanyang kaganapan.

Sa pagsusumikap na ito ng tao, unti-unti siyang nagbabago. Nagbabago ang kanyang personalidad, pagpapahalaga, paniniwala, prinsipyo at iba pa patungo sa kanyang kaganapan. Ayon sa nakararami, ang relihiyon ang sumasagot sa katanungang, “Bakit nilikha ng Maylalang ang tao?” at ang agham sy sumasagot sa tanong na “Paano nagkaroon ng tao sa mundo?” Bagama’t hindi pa lubos na magkakaugnay-ugnay ang mga paniniwalang ito, marami pa rin ang naniniwala at nagpapatunay na ang tao ay nagmula sa isang Dakilang Lumikha.

Ang patutunguhan ng tao ay hindi naipaliwanag ng alamat at maging ng agham. Dito natin makikita ang limitasyon ng dalawa. Nabanggit natin na ang alamat ay pawang likhang isip lamang. At dahil dito, ang patutunguhan ng tao ay isang misteryo. Tanging ang pilosopiya ng tao at relihiyon lamang ang nagpakita at nagpaliwanag na ang tao ay may patutunguhan. Sa mga relihiyong naniniwala sa Diyos o Allah (o ibang pangalan), ang tao ay patungo sa kanyang pinagmulan, iyon ang Dakilang Lumikha. Bagama't may mga pilosopiyang iba ang paniniwala, ang pagtuturo ng pagpapahalaga sa ating pambansang programa ay ginagabayan ng pilosopiyang humanistik. Ito ay naniniwala sa personal na kahalagahan ng indibidwal at ng kanyang sariling pananagutang paunlarin ang kanyang mga potensyal na maging mabuting tao.  Ang pilosopiyang ito ay nakikiayon din sa paniniwala ng mga relihiyong may pananampalataya sa Dakilang Maylalang.

Ang pinanggalingan at patutunguhan ng tao ay mahalagang tuklasin at unawain. Ang pagtuklas at pag-unawa rito ay nagbibigay kahulugan at kaganapan sa pagkatao. Magiging makabuluhan at makahulugan ang buhay kung alam natin ang dahilan at patutunguhan nito. Ang pag-alinlangan sa ating pagkalikha ay hindi dapat magkaroon ng puwang dahil ito ay nangangahulugan din ng pag-aalinlangan sa kahulugan ng buhay, Gayundin, ang pag-aalinlangan sa layunin ng buhay ay hadlang sa pagkakaroon ng makabuluhan at ganap na buhay.

Ang moral na pagkatao ay may marubdob na pagnanasang malaman at maunawaan nang lubos ang katotohanan sa kanyang pagkalikha at patutunguhan. Higit na mahusay at madali ang paglinang ng kanyang pagkatao kung maliwanag sa kanya kung bakit at paano siya nilikha.

## Mga Pilosopiya ng Pagpapahalaga:

## Ano ang Mabuti at Paano Maging Mabuting Tao?

Ang mga sumusunod ay ang kasaysayan ng mga pilosopiya na sumasagot sa mga tanong, “Ano ang mabuti at tama?” at “Paano magpakabuti ang tao?”

### *A. Greek Value Philosophies*

1. Sophists – Ayon sa kanila, walang tiyak na mabuti. Ang mabuti ay depende sa gusto ng tao, kultura, sitwasyon, lugar, o panahon.

2. Socrates – Tinuligsa niya ang mga Sophists at binigyan diin ang kaganapan ng buhay o "Life of absolute commitment". Pinahalagahan niya ang paghanap ng katotohanan, pag-alaga sa kaluluwa at ispiritwal na pagkatao para sa indibidwal at kapwa. Ito ay hindi lamang naaayon sa batas ng lipunan o sariling kagustuhan kundi ayon sa kung ano ang talagang nararapat. Sa kanyang aklat, "Know Thyself" binigyan diin niya na dapat kilalanin ng tao ang kanyang sarili, mga kakayahan at kahinaan. Upang maging tao ang isang tao, aniya, kailangan niyang maging tapat siya sa kanyang sarili at sa kanyang kapintasan.

1. Plato - (Naging estudyante ni Socrates) Ipinagpatuloy niya ang pagpapaliwanag ng mabuti at tama batay sa ganap at hindi tiyak o pabago-bagong pagpapapahalaga. Halimbawa, ang katarungan ay tumutukoy sa anumang mabuti para sa buong lipunan at mabuti rin sa indibidwal. Ang katarungan, aniya, ay panloob na kaayusang nasasalamin sa isang mabuting buhay.

2. Aristotle – (Naging estudyante ni Plato) Ipinagpatuloy ang pilosopiya ng mabuting buhay o "good life" na may kasanib na panloob na kaayusan. Aniya, ang tunay na kaligayahan ay ang pagkaroon ng kapayapaan na nagmumula sa panloob na kaayusan at mula sa katamtaman (moderation) at hindi sa makamundong kasiyahan (earthly desires). Para sa kanya, ang mabuti, makatarungan at tamang buhay ay "isang mabuting buhay", kung saan mayroon kang kapayapaan ng isip na dulot ng pagkaroon mo ng isang mabuting buhay. Ang pinakarurok ng mabuting buhay ay ang ganap na kabutihan (SUMMUM BONUM). Ito ang katuturan ng buhay ng isang tao.

### *B. Medieval Value Philosophies (Mga Relihiyosong Pilosopo)*

Ang mga relihiyosong pilosopo ay naniwala na ang Diyos ang nagpapakilala sa atin kung ano ang mabuti at tama sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Ang relihiyon ay maaaring maging isang makapangyarihang pwersa na nag-uudyok sa tao upang gumawa ng mabuti at tama.

1. San Agustin – Ayon sa kanya, alam ng Diyos ang lahat. Ngunit binigyan niya ng laya ang taong pumili ng gusto niya. Ang pag-aabuso sa kalayaang ito ay simula ng kasalanan.

2. San Tomas Aquinas – Ipinaliwanag niyang ang kalayaan ng tao at ang biyaya ng Diyos ay parehong kailangan upang magkaroon ang tao ng mabuting buhay. Upang magkaroon ng patuloy na mabuting buhay, dapat nananatili rin sa tao ang grasya ng Diyos.

### *C. Early Modern Value Philosophies (16th, 17th, 18th centuries)*

Marami sa mga ideya ng mga pilosopo sa panahong ito ang naiiugnay sa modernong pamumuhay.

1. Thomas Hobbes – Ayon kay Hobbes ang tao ay likas na masama at makasarili at kailangan ng mahigpit na pagbabantay dito sa kanyang pakikipamuhay sa lipunan.

2. Jean Jacques Rousseau – Kabaligtaran ni Hobbes ang tingin niya sa tao. Sa kanyang palagay, ang tao ay isinilang na mabuti at ang pagiging masama ay nagmumula sa pag-unlad ng mga lipunan.

3. John Locke - Sa kanya, ang tao ay parehong may potensyal na maging mabuti at masama.

Lahat ng tatlong pilosopong nabanggit sa itaas ay naniniwala sa konsepto ng “kasunduang panlipunan” o “social contract”. Ito ay isang kasunduan ng mga taong bumubuo ng kanilang lipunan na tumutukoy sa mga karapatan at mga tungkulin ng bawat kasapi.

4. Benedict Spinoza – Ayon sa kanya ang mga taong nagpapaalipin sa kanilang mga emosyon at kapusukan ay hindi malaya. Palagay niya, ang kaganapan ng kaisipan o katwiran ang siyang magdudulot ng kabutihan.

5. David Hume – Tinuligsa niya ang kaisipan ni Spinoza at sinabi niya na ang pagiging mabuti ay batay sa emosyon at mga masisidhing damdamin at hindi sa pagkaroon ng katwiran. Sabi niya, ang katwiran na walang emosyon o masidhing damdamin ay hindi sapat na mag-udyok sa mga tao na gumawa ng mabuti at tama.

6. Immanuel Kant – Sinubukan niyang pagsanibin o lagumin ang kognitibo at apektibong aspekto ng pagpapahalaga ngunit ang kanyang mga ideya ay higit na nakahilig sa katwiran bilang batayan ng pagkaroon ng kabutihan.

**D. 19th Century Value Philosophies**

1. Utilitarianismo – Ito ay paniniwalang ang kabutihan ng mga gawa ay dapat matataya sa kanilang kahihinatnan o ibubunga. Ang mga gawa, ayon dito, ay maaaring magdulot ng pakinabang o pagkasira o maaari namang parehong may pagkasira at pakinabang.

    1.1. Jeremy Bentham – Ipinaliwanag niya na ang kapakinabangan o pagkasira ng isang bagay, gawa o pangyayari ay matataya kung gaano kasakit o kainam ang dulot nito.

    1.2. John Stuart Mill – Ayon sa kanya ang kalidad, hindi lamang ang kantidad o bilang ng sakit o ligayang dulot ay mahalaga sa pagtaya ng pagpapahalaga.

2. Eksistenyalismo – (Soren Kierkegard and Frederick Nietzche)

    2.1. Binigyan diin nila ang kahalagahan ng indibidwal at ang kanyang mga sariling pagpapahalaga at hindi ang pakikiayon sa marami.

    2.2. Ang katotohanan ay subhetibo at naaayon sa pagtingin ng indibidwal, naiiba sa “di- katotohanan” ng marami. Ang mapang-aliping moralidad o “slave morality” para sa mga tao, ay naiiba sa mapanginoong moralidad o “master morality” para sa nakatataas na indibidwal.

    2.3. Si Nietzche, isang *atheist*, ay hinamon ang Kristianismo at sinabing “Patay na ang Diyos” si Kierkegard na isang Kristyano, ay binibigyang halaga ang taos na pananampalataya, higit sa panlabas na porma at mga ritwal.

3. Marksismo – (Karl Marx) – Ipinahayag na ang pagpapahalaga ay bunga ng kalagayang ekonomikal. Ang isang ideyal na lipunan ay walang iba’t ibang antas ng tao o isang “classless society”. Ito ay lipunan kung saan ang mga tao ay itinuturing na pantay-pantay.

***E. 20th Century Value Philosophies (Pilosopiya ng Syentipikong Naturalismo at Instrumentalismo)***

1. John Dewey – Nakita niya na ang mga paniniwala ay mga gabay sa mabuting gawa. Ang pagkilala sa isang paniniwala na totoo ay pagturing sa paniniwalang iyon na mayroong positibong kalalabasan na maaring sumoporta o tumuligsa sa paniniwalang ito.

2. Binigyan diin ni Dewey ang pag-unlad o "growth". Ang isang layunin ay hindi katapusan ng isang mithiin, kundi patuloy na pag-unlad. Ang pag-unlad ang dapat na layunin. Anumang makakatulong sa pag-unlad ay itinuturing na mabuti.

3. Teorya ng Emotivist ni Alfred Ayer at Charles Stevenson – Ayon sa kanila, ang pagkilala sa anumang mabuti ay pahiwatig ng damdamin o saloobin.

4. Eksistensyalismo ni Jean Paul Sartre (*atheist*) at Martin Buber (*theist*)

4.1. Ang tingin ni Sartre sa tao ay wala itong mga tiyak na pantaong kalikasan o "human nature" kaya't wala rin itong likas na pagpapahalaga. Una munang namumuhay ang tao at sa pamamagitan ng mga karanasan sa pagpili at pagdesisyon, gumagawa siya ng kanyang kalikasan sa pagpapahalaga.

4.2 Inilarawan ni Buber ang dalawang (2) uri ng ugnayan: "I-It" and "I-Thou" na ugnayan. Ang unang ugnayan ay pagtrato sa tao bilang bagay o gamit. Ang "I-Thou" ay may paggalang, pag-aalaga sa isa't isa at pakikitungo sa tao bilang tao.

BUOD:

Sa kasulukuyang panahon, mahalaga ang mga kaisipan nina Socrates, Plato at Aristotle sa pagtuturo at paglinang ng mga mabubuting ugali at pagpapahalaga. Halimbawa, malaki ang impluwensiya ng kaisipan ni Socrates sa pagsusuri ng sarili upang malaman ang kalakasan at kahinaan ng ating pagkatao. Ganoon din ang katuruan ni Plato at Aristotle tungkol sa katarungan, kapayapaan at ganap na kabutihan na siyang mga batayan ng isang mabuting buhay.

Ang mga kaisipan ng mga relihiyong pilosopo ay patuloy na gumagabay sa atin sa pagpapatibay ng ating pananampalataya. Matatag ang kanilang katuruan hanggang ngayon tungkol sa mapanagutang paggamit ng ating kalayaang mag-isip, magpasya at kumilos.

Malalim din ang impluwensiya ng kaisipan ni Rousseau, Locke at Dewey sa ating edukasyon sa paglinang ng mga potensyal na katalinuhan at kakayahan ng mag-aaral. Ang pilosopiya naman ni Immanuel Kant ang batayan ng kasalukuyang pagdulog ng holistikong pagpapaunlad ng mga kakayahang kognitibo, apektibo at pagkilos.

Ang mga kaisipang utilitarianismo, eksistenyalismo at marksismo ay patuloy ding nagbibigay ng hamon sa atin upang mapalawak at mapalalim ang ating pagsuri kung ano ang mahalaga at mabuti sa gitna ng maraming salik sa ating kapaligiran at panahon.

Ang ating pakikipagkapwa at maayos na pamumuhay sa ibang tao ay mapapatatag ng ating pagsang-ayon sa kaisipan ni Buber tungkol sa “I-Thou” na ugnayan. Ang konsepto nating Pilipino sa “kapwa” kung saan ibinibilang natin ang iba na “kaisa” ng ating sarili ay pagpapatunay ng ating pagsasabuhay sa pilosopiya ni Buber.

Mahalaga na mapag-aralan muli ang mga pilosopiya ng mga magigiting na pilosopo noong unang panahon. Patuloy silang pinagkukunan ng mga mabuting aralin sa paglinang ng mga pagpapahalaga. Marami dito gaya ng mga nabanggit ang ginagamit na gabay at batayan ng pagtuturo ng mga konsepto ng mabuting gawi at asal.



## SCQ 2.1

Sagutin ang mga tanong.

1. Anong alamat ang alam mong ikwento tungkol sa pinagmulan ng tao? Naniniwala ka ba rito? Bakit?
2. Ano ang isinulat ng mga syentipiko tungkol sa simula ng mundo at tao?

   Ano ang paniniwala ng pilosopiyang moral tungkol sa pinagmulan at patutunguhan ng tao?
3. Alin sa mga pilosopiya ng mga sumusunod ang kaugnay ng sarili mong pilosopiya?

| | | |
|---|---|---|
| a. Socrates | b. Plato | c. Aristotle |
| d. Hobbes | e. Rousseau | f. Locke |
| g. Spinoza | h. Hume | i. Kant |
| j. Dewey | k. Sartre | l. Buber |

4. Ano ang paniniwala ng iyong relihiyon ukol sa pinagmulan at patutunguhan ng tao?
5. Paano ito naiiba sa paniniwala ng pilosopiyang moral?
6. Ano ang kahalagahan ng pag-unawa sa pinagmulan at patutunguhan ng tao?
7. Paano mo sasagutin ang tanong ng iyong mag-aaral, “Sino Ako?”



# GAWAIN 2.1

1. Sa tsart sa ibaba, isulat sa angkop na hanay ang mga pinahahalagahan mo para sa iyong sarili, pamilya, kapwa at bayan. Halimbawa: buhay (sarili)


| Sarili | Pamilya | Kapwa | Bayan |
|---|---|---|---|
| | | | |

2. Pagkatapos ng paglista, tingnang muli ang mga naisulat. Isipin kung anong uri ang bawat pagpapahalaga. Ito ba ay materyal o di-materyal? Lagyan ng M ang materyal at DM ang di-materyal.
3. Alin ang higit na nakararami, M o DM?
4. Paghambingin ang resulta sa bawat hanay: Sarili. Pamilya. Kapwa, at Bayan.
5. Ano ang iyong mahahalaw mula rito na nagpapakita ng iyong mga pagpapahalaga bilang indibidwal?

Mapapansin mo na ang iyong pagsagot ay naiuugnay sa iyong kalikasan bilang tao na may materyal at di-materyal na kalikasan at pangangailangan. Ganyan ka nilikha. Isa kang katangi-tanging nilalang!

## Ang Kalikasang Materyal at Ispiritwal ng Tao

Ang tao ay katangi-tanging nilalang. Siya ay kakaiba sa lahat ng nilalang sa mundo. Anong mga facultad o kakayahan ng tao ang nagpapakita ng kanyang kaibahan sa ibang nilalang? Pag-aralan mo ang dayagram sa ibaba:




### A. Ang Ispiritwal na Dimensyon ng Tao

Ang tao ay may kaluluwa at ang kaluluwang ito ang siyang nagbibigay-buhay sa tao. Dito nagmumula ang ispiritwal na kalikasan ng tao. Dito nakaugat ang mga mahahalagang pakultad na wala sa ibang nilalang. Ito ang mga sumusunod:

1. Kaisipan o *intellect.* Ito ay isang makapangyarihang pakultad o kakayahan na may tungkuling mag-isip at bumuo ng esensiya at pagmuni-munian ito. Dahil dito, nagagawa nating magtimbang-timbang at magsuri ng mga bagay-bagay. Dahil sa mga kakayahang nabanggit, makikitang ang kaisipan ay may kakayahang mangalap ng mga karunungan at alamin ang totoo at tama. Ang katotohanang ito ang nagsisilbing batayan ng tao sa kanyang pagpapasya. Ito ang magtutulak sa kanya para isagawa ang kanyang naisip.

Samakatwid, may kakayahang tuklasin ng tao ang mga bagay na makabubuti sa kanya at sa kanyang kapwa. Siya ay may kakayahan ding alamin at kilalanin ang Diyos na Lumikha at sumunod sa Kanyang ipinag-uutos. Ito ay katotohanan na siyang tanging instrumento para makamit ang kaganapan ng isang tao.

2. "*Will" o Kalooban*. Ito ang kapangyarihang pumili. Bagamat ito ay nakaakit sa mabuti o sa masama, ito ay umaasa sa impormasyong galing sa isipan. Ang kalooban ay may kalayaang pumili. Ito ay biyaya sa atin ng Diyos na maging hari sa ating paghuhusga at sa bawat aksyong isinasagawa natin. Dahil sa kalayaang ito, tayo ay may responsibilidad sa bawat paghusga at aksyon na ating gagawin. Tunay nga tayong malaya, subalit dapat nating tanggapin ang anumang kalalabasan ng ating desisyon at aksyon. Ganap na malaya ang isang tao kung pipiliin niya ang mabuti. Ang pagpili ay isang malayang aksyon kung ito ay ginagamit sa paghahanap ng kabutihan at kaganapan ng buhay.

3. *Konsyensya.* Ang konsyensya ay tagahusga kung ang isang aksyon ay mabuti o masama. Ito ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad dahil ito ang tumutukoy kung ang aksyon ay mabuti o masama. Ang kanyang tungkulin ay pag-aralan o suriin at husgahan ang lahat ng moral na aksyon. Ito ang naghuhusga sa bawat aksyon kung ito ay mabuti na kailangang gawin o masama na kailangang iwasan. Kailangang mabuti ang pagkahubog ng konsyensya ng pamilya, paaralan, simbahan, at ibang sektor ng lipunan upang maging matatag ito sa paghuhusga ng mga moral na aksyon. Dahil sa hindi pare-pareho ang pagkahubog nito sa iba't ibang tao, maaaring iba-iba rin ang paghusga ng mga ito.

Paano nahuhubog ang konsyensya? Upang mahubog nang tama ang konsyensya, kailangang maisaisip ang mga katuruan ng sariling relihiyon o simbahan. Ang simbahan ang guro ng katotohanan. Bawat tao ay may pangunahing gampaning alamin ang mga prinsipyo ng Batas Kalikasan o Natural Law (ang sampung utos ng Diyos) at ang mga pagpapahalagang moral. Kahit ano, Kristyanismo, Islam o ibang relihiyon, wala siyang mahahanap na ibang katuruang moral na hihigit sa mga katuruang moral ng kanyang simbahan.

**May iba't ibang uri ng konsyensya:**

a. Wasto o Tamang Konsyensya – Ang moral na desisyon ng ating kaisipan ay tama kung lahat ng katwiran batay sa obhetibong pamantayang moral ay nasunod nang husto. Walang pag-aalinlangang ito ay nababatay sa katotohanan.

b. Maling Konsyensya – Ito ay nangyayari kapag ang mga prinsipyong batayan ng paghuhusga ay mali o di-wasto, at ang kinalabasang aksyon ay hindi mabuti at masama.

c. Nag-aalaganing Konsyensya – Kung ang taong humuhusga ay may sapat na dahilang matakot na baka nagkamali siya sa kanyang paghuhusga.

d. Mapandayang Konsyensya – Ang mga katwiran ay batay sa mga hakahaka. Takot ang nagiging malakas na impluwensya sa paghuhusga. Kadalasan ay hindi na makilala kung alin ang totoong kaisipan at alin ang likhang isip lamang.

**B. Ang Materyal na Dimensyon**

Ang tao ay pinagkalooban ng maganda at kahanga-hangang katawan. Sa katawang ito nakaugat ang maraming pisikal na kakayahan na tumutulong sa ispiritwal na pakultad. Ang katawan ang siyang may direktang pandama sa mga panloob at panlabas na kapaligiran. Ito ay nagsisilbing at instrumento para maisagawa ang mga bagay na naisip at ninanais ng tao. Ating isa-isahing pag-aralan at alamin ang mga gamit o tungkulin nito.

1. Mga Pandama. May dalawang uri ng pandama: Panlabas na pandama o "external sense" at Panloob na Pandama o "internal sense".

   Ang Panlabas na pandama ay tumutukoy sa mga pangunahing pandama ng (a) paningin, (b) pandinig, (c) panlasa, (d) pang-amoy, at (e) pansalat. Lahat ito ay may kakayahang mangalap ng impormasyon sa mga bagay-bagay na makatutulong sa ating pamumuhay.

Ang Panloob na pandama o “internal sense” ay tumutukoy sa: (a) kamalayan o “consciousness” na tumutulong upang mabatid ang aksyon ng mga panlabas na pandama at higit na malakas ito kapag ang tao ay gising o hindi lasing, (b) Alaala o *“Memory”* na kakayahan sa paggunita o pag-alaala ng mga nangyari o ng mga bagay at dito nakaimbak lahat ang impormasyon na nakalap ng ibang kakayahan o pakultad, (c) Imahinasyon na kakayahang bumuo ng larawan o makita ang mga bagay-bagay sa kaisipan, at (d) *“Instinct”* na likas na paghilig or reaksyon sa mabuti at pag-iwas sa anumang masama.

Ang lahat ng kakayahang pandama ay tulung-tulong sa pag-alam o pagkalap ng impormasyon para ibigay sa *“intellect”* o kaisipan ng tao.

2. Emosyon. Ang tao ay may iba’t ibang emosyon; halimbawa: pagkagalit, pagkamuhi, pagkalungkot, pagkagulat, pagkatakot, pagtanggap, pagkagalak, at pag-asam. Ang mga emosyong ito ay pawang mga damdaming nagbibigay-kulay sa buhay ng tao. Papaano kaya kung walang emosyon ang tao? Ano ang pakiramdam ng nagmamahal? Ng nagsasaya? Ng namimighati at iba pa? Samakatwid, ang emosyon ay totoong mahalaga sa tao, bagamat kung minsan ay napapaalipin ang tao rito. Halimbawa, ang isang dalagang “nagmamahal” sa isang lalaking may pananagutan na sa buhay ay nagpapaalipin sa kanyang emosyon. Kapag nagkagayon, ang emosyon ay maaaring maging hadlang sa ating pagpapakatao. Nagangahulugang kinakailangang pinupukaw ng tao ang kanyang emosyon para magampanan nito ang kanyang tungkulin sa sarili at sa kapwa.



## SCQ 2.2

Piliin ang tamang sagot sa bawat aytem.

1. Alin sa mga sumusunod na asal o ugali ang higit na makatao?
   a. pakikialam sa sariling buhay
   b. pagtulong sa mga nangangailangan
   c. pakikitungo sa mababait na tao
   d. kasipagan sa sariling paggawa
2. Alin sa mga sumusunod ang pakultad na taglay lamang ng tao?
   a. isipan at kalooban
   b. memorya at imahinasyon
   c. emosyon at panlabas na kamalayan
   d. instinct at pakiramdam
3. Ang taong nagpapakatao ay ginagamit ang ispiritwal na pakultad sa:
   a. hindi pakikialam sa iba basta mabait at masunurin sa paggawa ng tungkulin
   b. pagpili ng kasama at pagiging mahinahon sa pakikipag-ugnayan
   c. pag-ako ng kamalian ng iba para makaiwas sa gulo
   d. paglikha ng pamaraan sa pagtulong sa mahihirap
4. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig ng pagkaroon ng tunay na kalayaan ng kalooban?
   a. pagsabi ng pawang katotohanan pati lihim ng ibang tao kahit hindi kinakailangan
   b. pagsisiwalat ng nararamdaman at kaisipan tungkol sa isang tao kahit walang batayan
   c. paggawa nang naaayon lamang sa kagustuhan kahit maraming maaapektuhan
   d. paggawa ng kabutihan kahit mahirap gawin para sa sarili at sa kapwa.

5. Alin ang HINDI tama tungkol sa pakultad ng tao?
    a. Ang "intellect" o kaisipan ang tumatanggap at nag-iimbak ng mga impormasyon at sumusuri nito.
    b. Ang konsyensya ang nagpapasya ng gagawain.
    c. Ang panlabas na pandamdam ang unang nakababatid ng mga bagay-bagay sa kapaligiran.
    d. Ang isang bagay ay hinuhusgahan ng konsensya kung ito ay masama o mabuti.

*(Maaari mong tingnan ang Susi sa Pagwawasto sa huling bahagi ng Modyul. Pag-aralang mabuti kung bakit tama o mali ang mga opsyon sa bawat aytem.)*



# BASAHIN

## PAGPAPAHALAGA: KAHULUGAN AT URI

Ano ang kahulugan ng pagpapahalaga? Tingnan mo ulit ang mga listahan ng pangunahin at kaugnay na pagpapahalaga. Tingnan mo rin ang mga nailista mo sa nakaraang Gawain. Hindi ba't napakarami? Tiyak na marami pa ang hindi nailista riyan. Totoong maaaring daan-daan ang aabutin ng listahan. Bawat kilos, bawat isip, at bawat damdaming nararanasan mo ay may kaakibat na pagpapahalaga. Halimbawa, ngayon ay nagbabasa ka nitong Modyul na ito. Pinag-aaralan mong mabuti ang nilalaman. Ano ang kaakibat na pagpapahalaga nito? Ito kaya ay pananagutan o pagka-responsable bilang guro? O maaari kayang pagpapahalaga sa karunungan? O kaya pagka-mausisa? Ikaw lang ang maaaring makakapagsabi kung ano ang ipinakikita mong pagpapahalaga ngayon. Kung ano ang iyong pinahahalagahan ay maaaring iyon ang nakikita ng iba sa iyo. Maaari rin namang hindi magkatugma ang nakikita sa iyo at ang niloloob mo tungkol sa gawaing ito. Maaari ring hindi magkapareho ang pagpapahalaga mo at ng ibang guro na bumabasa sa Modyul na ito. Ganyan kasalimuot ang kahulugan at proseso ng pagpapahalaga.



# GAWAIN 2.2

Sagutin ang mga eskalang nasa ibaba. Ang bawat eskala ay may bilang mula 1 (di-mahalaga) hanggang 7 (mahalagang-mahalaga). Tayain ang iyong sarili kung gaano kahalaga sa iyo ang bawat aytem sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod.

a. Ayon sa iyong paniniwala, gaano mo pinahahalagaan ang nasa aytem? Lagyan ng P ang bilang na angkop sa iyong pagtataya.

b. Ayon sa iyong gawa, gaano mo ipinakikita o isinasabuhay ang nasa bawat aytem? Lagyan ng G ang bilang na angkop sa iyong pagtataya.

Halimbawa

| | Di-Mahalaga | | | | | | Mahalagang mahalaga |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kasal** | | | | G | | | P |
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |

*Paliwanag: Ang P ay nasa bilang 7 dahil ako'y lubos na naniniwala sa kasal. Ang G ay nasa bilang 4 dahil sa edad kong ito (21) ay di ko pa masyadong Iniisip ang pagpapakasal.*

## ESKALA NG PAGPAPAHALAGA

| | *Di-Mahalaga* | | | | | | *Mahalagang-mahalaga* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagiging Guro | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Relihiyon | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Tuluy-tuloy na Pag-aaral | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Pera | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Pamilya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Pangingibang-bansa | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Pagboto ng Opisyal | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| Pagmamahal sa Bansa | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |

- ✓ Ano ang iyong napansin sa paghahambing ng iyong paniniwala (P) at gawa (G) sa mga pagpapahalaga?
- ✓ Mayroon bang mga pagpapahalagang pareho sa iyong P at G?
- ✓ Ano ang ibig sabihin kung nagkatapat ang dalawang ito?
- ✓ Alin naman ang mga magkalayong P at G?
- ✓ Alin ang binigyan mo ng pinakamataas na marka? Maipaliliwanag mo ba ito?
- ✓ Batay sa iyong eskala, anong pangkalahatan ang masasabi mo tungkol sa iyong sariling pagpapahalaga?

**Kahulugan at Uri ng Pagpapahalaga**

Ang salitang pagpapahalaga sa Ingles ay *Value.* Ito ay galing sa salitang Latin na “valere” na ang kahulugan ay maging matatag at malakas. Para mapahalagahan ang isang bagay, kailangan ang lakas at katatagan upang mapanatili o maangkin ang bagay na ito. Halimbawa, upang mapahalagahan ang pag-aaral, kailangan ang ibayong tiyaga at sakripisyo upang makamit ito. Ang tiyaga at sakripisyo ang magpapalakas at magpapatatag sa kakayahang makamit ang bunga ng pag-aaral.

Sa mga sikolohista, ang pagpapahalaga ay ang mga bagay na kaibig-ibig, kaakit-akit, kapuri-puri, kahanga-hanga, nagbibigay ng inspirasyon, magaan at kasiya-siya sa pakiramdam, at kapaki-pakinabang. Ito’y naghihikayat at gumagabay para pumili at gawin ang partikular o tiyak na layunin para sa ikauunlad at ikabubuti ng indibidwal. Halimbawa nito ay mga personal na pagpapahalagang gaya ng positibong pagtanggap sa sarili, katapatan sa sarili, pagiging masunurin, katanyagan, kalinisan ng puri, dangal, kasimplehan ng pamumuhay, at iba pa.

Ayon sa tradisyon, ang pagpapahalaga ay tumutukoy sa saligan o batayang kilos o gawa at sa ubod ng paniniwala. Sa karaniwang tao, tumutukoy ito sa isang bagay na mahalaga sa buhay. Ito ay tumutukoy rin sa anumang mabuti. Ang mabuti ay ang mga bagay na hinahangad at pinaghihirapang makamit. Mga halimbawa nito

ay pagiging Kristiyano, paggalang sa matatanda, pagkapamilya, dangal at puri, kasiyahan sa mga kaibigan, paggalang sa buhay, pagsunod sa magulang at iba pa.


Para sa mga sosyolohista, ang pagpapahalaga ay isang pamantayan (standard) sa pakikiugnay o pakikihalubilo sa kapwa. Isinasaalang-alang nito ang kabutihan ng grupo. Karaniwan rin ito sa bawat kasapi ng grupo. Ang bawat kasapi ay nagkakaisa ng konsepto kung ano ang kaibig-ibig, kahanga-hanga at kanais-nais. Ang pagpapahalaga ay tumutukoy sa nakikita, naririnig, nauunawaan at nagugustuhan ng bawat kasapi. Sa madaling salita, ang pagpapahalaga ay ginagamit na batayan ng paghuhusga ng komunidad. Ang komunidad ang maghuhusga kung alin ang mahalagang layunin at iba pang sosyolohikal na aspeto ng komunidad. Halimbawa nito ay ang panlipunang katarungan, paggalang sa mga karapatan ng iba, paggalang sa pagkaiba-iba, pagmamahal sa bayan at iba pa.

Samakatwid, ang pagpapahalaga ay hinahangad ng tao hindi lamang para sa kanyang sarili kundi para sa nakararami. Ayon kay Manuel Dy, Jr. (1994), mahalagang mabigyang-diin ang “immutability” o “objectivity” ng pagpapahalaga. Ibig sabihin nito, hindi nagbabago o nagpapalit ang tinutukoy ng pagpapahalaga dahil ang mga ito, lalo na ang mga nasa higit na mataas na antas, ay hindi nakasalalay sa pagkatao. At kung ang tao ay mabigo sa pagtugon sa isang pagpapahalaga, hindi itong pagpapahalaga kundi ang tao ang may kakulangan.

Idinagdag pa ni Dy na ang pagpapahalaga ay lumilikha ng kung anong dapat (ought-to-be) at ng dapat gawin (ought-to-do). Halimbawa, ang katarungan ay dapat nariyan, buhay, at nakapangyayari. Kaya “ako” ay dapat maging makatarungan. Sa madaling salita, ang pagpapahalaga ay pundasyon ng mga obligasyon, paniniwala, mithiin at saloobin.

## Ang Hirarkiya ng Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler

**(Dy, Jr.:1994)**




***1. Pandamang mga Pagpapahalaga (Sensory Values)***

Ang mga pagpapahalagang ito ay kasiya-siya sa mga pandama, o kaya iyong para sa rangya o luho. Kasama rin dito ang mga pagpapahalagang kaugnay ng pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain, damit, tubig, bahay at iba pang mga teknikal na pagpapahalaga.

***2. Interpersonal na mga Pagpapahalaga (Vital Values)***

Ang mga pagpapahalagang ito ay kailangan sa isang sibilisasyon. Kasama sa mga ito ang mga pakikipag-ugnayan, pakikipamuhay sa kapwa o kaya ay ang pagiging katanggap-tanggap sa ibang tao.

***3. Ispiritwal na mga Pagpapahalaga (Spiritual Values)***

Mataas na antas ang mga pagpapahalagang ito kaysa sa dalawang nauna. Ang dalawang nauna ay kaugnay sa pisikal at sikolohikal na dimensyon ng sarili. Samantala, ang mga ispiritwal na pagpapahalaga ay kaugnay ng kabutihang panlahat. Kasama rito ang mga pagpapahalagang katarungan, katotohanan, kapayapaan, kalayaan at ang mga pagpapahalagang pangkagandahan at pangkaayusan.

***4. Banal na mga Pagpapahalaga (Holy Values)***

Ang ispiritwal at banal na mga pagpapahalaga ay parehong kaugnay sa pagpapakatao bilang kabuuan ng katawan at ispiritu. Ang pagpapakabanal ang siyang rurok ng pagiging ganap ng tao.

## Mga Uri ng Pagpapahalaga

Maraming nagsasabi na ang mundo sa kasalukuyan ay magulo at komplikado. Nalilito na ang maraming tao sa nangyayari sa paligid. Hindi na nila malaman ang pagkakaiba ng tama at mali, ng mabuti at masama. Ikaw, maliwanag ba sa iyo ang pagkakaiba ng mga ito?

Ayon kay *Esther Esteban* (1991), may dalawang uri ng pagpapahalaga;

**Una: Ganap na Pagpapahalagang Moral (Absolute Moral Values)**. Ito ay nagmula sa labas ng tao. Ito ay nagmula mismo sa katotohanan – sa Diyos. Ito ay tumutukoy sa mga moral na pagpapahalaga na nag-uugnay at nag-iisa sa lahat ng tao, sa lahat ng oras at sa buong mundo. Halimbawa nito ay ang katarungan, respeto sa dignidad ng tao, pagkakaisa, respeto sa buhay, kalayaan, atbp. Lahat ng tao anuman ang kulay, paniwala at katayuan sa buhay ay naghahangad ng mga nabanggit na pagpapahalaga.

Mga katangian ng Ganap na Pagpapahalagang Moral

a. ***Obhektibo.*** Ito ay ang katotohanan na nanggaling sa katotohanan mismo, ang Diyos. Ang katotohanan ay ang mga bagay na naaayon sa kung ano (what is), ano ito noon (has been), at ano ito dapat (must be). Ito ay hindi umaasa sa anumang bagay. Ito ay umiiral kahit hindi ito nakikita at nakikilala ng iba. Walang sinuman ang makalilikha ng katotohanan.

b. ***Unibersal.*** Saklaw nito ang lahat ng tao, aksyon at maging ang katayuan nito. Naka-ugat ito sa natural na batas o "natural law". Ito ay totoo sa lahat ng tao, sa lahat ng panahon at kultura dahil nakabatay ito sa kalikasan ng tao na hindi nababago.

c. ***Eternal.*** Ito ay umiiral at mananatiling umiiral. Hindi ito kailanman magbabago sa paglipas ng panahon dahil ang kalikasan ng tao ay hindi nagbabago at ang paghahanap sa katotohanan na siyang layon ng tao sa mundo ay hindi rin nagbabago.

**Ikalawa: Pagpapahalagang Panggawi o Pangkultural (Behavioral or Cultural Values)**. Ito ay mga pagpapahalaga na galing sa loob ng tao. Tumutukoy ito sa ating mga personal na pananaw o mga kolektibong konsepto, batay sa kultura at paniniwala ng lipunan. Halimbawa, ang pagbibigay ng puna nang walang paliguy-ligoy ay kaugalian na pinahahalagahan ng mga taga-kanluran, gaya ng mga Amerikano. Subalit ito ay hindi tinatanggap sa kulturang Pilipino.

**Mga Katangian ng "Behavioral Values"**

**a.** ***Subhetibo.*** Ito ay personal sa indibidwal. Tumutukoy ito sa iba't ibang paniniwala, gawi, o naisin na idinikta ng panloob na pandama, emosyon, isipan, motibo, karanasan at kasanayan. Ang pagpili ng isang tao ay batay sa pansariling kagustuhan na masasabi niyang kanais-nais, kahali-halina, katanggap-tanggap at kapuri-puri. Ito ay pawang pagpapahalaga na makikita sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**b.** ***Panlipunan (Societal).*** Malaking impluwensya ang lipunan sa pagkakaroon ng "subjective behavioral values". Ang panlipunang asal ay karaniwang sinasang-ayunan ng mga kasapi ng lipunan. Ito ay ang mga tanggap na layunin, nakasanayan, o nakagawiang kilos na ibinabahagi ng ibang tao. Ang panlipunang pagpapahalaga ay umuunawa at kumikilala sa mga kaugalian, tradisyon, pinapahalagahan at pangangailangan ng bawat kasapi nito. Tinutulungan nito ang mga kasapi na malayang maipahayag ang kanilang kuru-kuro at paniniwala. Ang panlipunan o kultural na pagpapahalaga ay nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga kultura.

**c.** ***Sitwasyunal (Situational).*** Ang mga pagpapahalagang ito ay mga konsepto at pamantayan na ipinatutupad ayon sa umiiral na sitwasyon o pangyayari. Ang mga ito ay palaging nakaayon sa pansariling pananaw. Ang pagpili o pagpapasya ay batay sa kung ano ang kaibig-ibig, kahanga-hanga, madali, kapaki-pakinabang at kailangan ng hinaharap na sitwasyon o pangyayari sa oras or sandaling iyon.

Samakatwid, ang “behavioral values” ay mga pagpapahalaga na maaaring mabago batay sa tao at sitwasyon o pangyayari o sinasabi ng kapaligiran o lipunan. Ang mga ito ay nakabatay lamang sa pansariling pangangailangan.

Gayunpaman, ang mga personal at subhektibong mga pagpapahalaga ay dapat ding nakabatay sa mga moral na pagpapahalaga. Ang pangunahing batayan ng lahat ng pagpapahalaga ay ang Batas Moral. Kailangang maliwanagan ng bawat taong nagpapahalaga ang batayan o prinsipyo ng kanyang pinahahalagahan. Halimbawa, ano ang moral na batayan sa pagpapaunlak sa imbitasyon ng kaibigan para sa kanyang kaarawan? Maaaring ito ay ang pakikibahagi sa kanyang kaligayahan.



# SCQ 2.3

Lagyan ng Tsek (√) ang bawat tamang pangungusap.

A. Kahulugan ng Pagpapahalaga:

1. Kinakailangan ang lakas at katatagan upang magkaroon at mapanatili ang isang pagpapahalaga.
2. Ang pagpapahalaga ay nagpapakita ng interes, kasiyahan, kagustuhan, pananagutang moral, naisin, layunin, at pangangailangan ng tao.
3. Mahirap sa isang tao ang magpakabanal kaya ang mga anghel lamang ang maaring maging banal.
4. Ang pagpapahalaga ay anumang bagay na kapuri-puri, mabuti at hinahangad ng tao para sa kanyang pag-unlad at kaganapan ng pagkatao.
5. Ang pagpapahalaga ay kung ano ang dapat at kung ano ang nararapat gawin.

B. Hirarkiya at Uri ng Pagpapahalaga

1. Ang mga pagpapahalaga ay naaantas batay sa kagustuhan ng isang tao at maaaring pantay-pantay ang mga ito.
2. Ang pandama at interpersonal na mga pagpapahalaga ay kaugnay sa pisikal at sikolohikal na pangangailangan ng tao.
3. Ang antas na ispiritwal ng pagpapahalaga ay pagkamit ng katarungan, katotohanan at kapayapaan, na pinahahalagahan ng sangkatauhan.
4. May tatlong katangian ang ganap na pagpapahalagang moral: obhetibo, subhetibo at unibersal.
5. Ang pagpapahalagang panggawi ay nakabatay sa personal na opinyon, paniniwala, interes o kagustuhan.

## Batas Moral: Batayan ng Pagpapahalaga

Ang lahat ng mga pagpapahalaga ay nangangailangan ng batayan sa paghusga kung ang kilos ay tama o masama. Ang Batas Moral ang pinakapangunahing batayan. Ang Batas Moral na naihayag sa Sampung Utos ng Diyos ay unibersal. Ibig sabihin nito ay totoo ang batas sa lahat ng tao kahit ano pa ang kanilang pananampalataya o relihiyon. Angkop ito sa mga Katoliko, Protestante, Muslim, Hudyo, Hindu, Budismo, at iba pang relihiyon. Angkop din ito sa mga pagano o mga hindi naniniwala sa Diyos kahit hindi nila ito nirerespeto o tinatanggap. Ito ay angkop sa lahat ng kultura o lahi dahil ang mga pagpapahalagang nakapaloob dito ay likas sa lahat ng tao, gaya ng pagmamahalan, paggalang sa dignidad ng tao, kabutihan, katotohanan, katarungan, kapayapaan, pagkapamilya, pagpapahalaga sa buhay at marami pang iba.

Madaling maghusga kapag ang pagpapahalaga ay unibersal ngunit mahirap ito para sa personal o subhetibong pagpapahalaga. Halimbawa, ang katotohanan, kahit ito ay ganap at unibersal, ay maaaring magkaiba-iba ang pakahulugan o interpretasyon ng iba't ibang tao batay sa kani-kanilang persepyon. Lalo na kung ang pagpapahalaga ay kultural na pagpapahalaga at subhetibo gaya ng pag-aasawa. Ano ba ang tama at mabuti tungkol dito? Maaari bang mag-asawa ng dalawa o tatlo o dapat isa lamang? Saan dapat ibatay ang sagot?

Ang Batas Moral ang nagpapakita ng direksyon ng pantaong kilos para makarating sa tamang patutunguhan. May dalawang mga Batas na ugat ng Batas Moral:

1. Batas ng Diyos (Eternal Law or Divine Law) – Ang lahat ng bagay rito sa mundo ay sakop ng Batas ng Diyos. Ang Batas ng Diyos ay nagpapakita ng Kanyang mabuting kalooban. Naglalaman ito ng lahat ng batas ng kaayusan para sa sandaigdigan at upang magabayan ang lahat ng tao at nilikha sa kanilang patutunguhan.
2. Batas ng Kalikasan (Natural Law) – Ang tao ay may kalikasang materyal at ispiritwal. Ang mga kalikasang ito ang humubog ng mga batas (Natural

Moral Law) para magabayan siyang mamuhay nang mabuti at tama. Ang sampung utos ng Diyos ay galing sa simulain ng Natural Law dahil ang mga utos na ito ay ayon sa kalikasan ng pagkatao. Ang Batas Moral ang nagsasabi sa tao kung paano siya makipag-ugnayan sa Diyos at sa kanyang kapwa.Isinasaad nito ang mga pamantayan ng mga gawang dapat at hindi dapat.



## TANDAAN NATIN

1. Ang pinanggalingan at patutunguhan ng tao ay mahalagang tuklasin at unawain. Ang pagtuklas at pag-unawa dito ay nagbibigay-kahulugan at kaganapan sa kanyang pagkatao. Magiging makabuluhan at makahulugan ang buhay kung alam ang dahilan at patutunguhan nito.
2. Ang tao ay nilikha ng Diyos na katangi-tangi. Siya ay kakaiba sa lahat ng nilalang sa mundo. Siya ay nilikha ng Diyos na kawangis Niya.
3. Ang tao ay may ispiritwal at pisikal na kalikasan. Ang kanyang kalikasan ang kanyang pauunlarin upang makamit niya ang kaganapan ng kanyang pagkatao. Ang ispiritwal na kalikasan ng tao ay ang kanyang kaisipan at kalooban o “will”. Ang kanyang materyal na kalikasan naman ay ang pandamdam na may panlabas at panloob na kamalayan, at ang kanyang emosyon.
4. Ang pagpapahalaga ay anumang bagay na pinahahalagahan at sinasabing kapuri-puri at hinahangad ng tao hindi lamang para sa kanyang sarili kundi para sa nakararami. Ang pagpapahalaga ay hindi lamang binubuo ng hangarin kundi ng mga bagay na isinasaalang-alang na kaibig-ibig. Ang pagpapahalaga na magiging batayan ay kung ano ang dapat (ought-to-be) at kung ano ang dapat gawin (ought-to-do).

5. Nahuhubog ang kabutihan batay sa pilosopiya ng buhay. Ang kasaysayan ng mga pilosopiya ng pagpapahalaga ay nagpapakita ng magkaka-ibang pananaw at kaisipan tungkol sa kaganapan ng buhay. Malaki ang impluwensya sa kasalukuyang kaisipan sa Edukasyon sa Pagpapahalaga ang pilosopiya nina Socrates, Plato, Aristotle, San Agustin, San Tomas Aquinas, Rousseau, Locke,Dewey, Kant, Buber at iba pa.
6. May dalawang uri ng pagpapahalaga:

   **Una:** Ganap na Pagpapahalagang Moral (Absolute Moral Values). Ito ay nagmula mismo sa katotohanan – sa Diyos. Ito ay tumutukoy sa mga moral na pagpapahalaga na nag-uugnay at nag-iisa sa lahat ng tao, sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.


   **Pangalawa:** Pagpapahalagang Panggawi o Pangkultural (Behavioral or Cultural Values). Ito ay mga pagpapahalaga na galing sa loob ng tao. Tumutukoy ito sa ating mga personal na pananaw o mga kolektibong konsepto, batay sa kultura at paniniwala ng lipunan.
7. Ang kilos ay moral kung ito ay naaayon sa kalikasan ng tao. Ang tanging batayan ng moral na pagpapahalaga ay ang Batas ng Diyos at Batas Kalikasan.

# ARALIN 3

# ANG PROSESO NG PAGPAPAHALAGA (VALUING PROCESS) BILANG ESTRATEHIYA NG PAGTUTURO

## PANIMULA

Paano natatamo o napapananatili ang isang pagpapahalaga? Bakit iba-iba ang kaisipan, damdamin at pagkilos ng tao sa parehong pagpapahalaga? Halimbawa, bakit may taong walang kibo sa pagsulong ng katotohanan, habang ang iba ay halos makipaglaban sa paghanap sa katotohanan? Ang paghahanap ng katotohanan ay masalimuot lalo pa't hindi malinaw sa tao ang mga kaugnay nito na pinahahalagan. Maraming isinasaalang-alang upang maging ganap ang isang pagpapahalaga. Bago maging matatag at malakas ang pagpapahalaga sa isang bagay ay kinakailangang dumaan muna sa isang proseso.



## MGA LAYUNIN

Pagkatapos ng araling ito, inaasahan sa iyo na:

1. Makatukoy ng ilang gawain at karanasan na makatutulong sa pagpapaunlad ng pagpapahalaga
2. Maipaliwanag ang proseso ng pagpapahalaga
3. Maibalangkas ang paggamit ng proseso ng pagpapahalaga bilang estratehiya ng pagtuturo



# BASAHIN

## Mga Pamantayan at Elemento ng Proseso ng Pagpapahalaga

Paano mo masasabing may pagpapahalaga ka sa isang bagay? Sapat na bang mabanggit ito gaya ng “*Ako ay masipag”*? Sapat na ba na sumunod ka minsan sa iniutos ng iyong lider? Sapat na ba na ikaw ay may kawilihan sa paggawa ng trabahong mabibigat? Ilang beses ka kayang dapat magpakita ng kasipagan bago masabing ikaw nga ay masipag? Upang maliwanagan ito, pag-aralan ang susunod na gawain.



## GAWAIN 3.1

A. Basahin ang sitwasyong nasa ibaba:

Ikaw ay may kasintahan. Isa siyang kaguro. Alam mong mahal na mahal ka niya at mahal na mahal mo rin siya. Subalit nadiskubre ng magulang mo na mayroon na siyang anak sa una niyang naging kasintahan. Sabi ng mga magulang mo ay iwasan mo na siya at humanap ka ng ibang kasintahan. Susunod ka ba o hindi?

SAGOT: Oo Hindi!!

B. Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng iyong kasagutan?

Ipaliwanag ang sagot sa pagmuni-muni sa mga sumusunod:

1. Malaya ka bang sumagot o napilitan ka lang dahil sa impluwensya ng magulang mo?
2. May naisip ka bang ibang solusyon bago ka nagkaroon ng desisyon?
3. Binigyan mo ba ng sapat na panahon ang iyong sarili sa pagmuni-muni at pagsusuri ng suliraning ito?
4. Ikatutuwa mo ba ang iyong desisyon? Maipagmamalaki mo ba ito? Magiging maligaya ka ba rito?
5. Mailalantad mo ba at mapaninindigan ang iyong desisyon?
6. Maisasakilos mo ba ito?
7. Maisasabuhay mo ba ang prinsipyong ginamit mo sa iyong desisyon? Mapapangatawanan mo ba ito habang buhay?

Pitong (7) katanungan ang nasa itaas na katumbas ng tatlong (3) elemento at pitong (7) pamantayan ng proseso ng pagpapahalaga.

Ang tatlong (3) elemento ay:

- Pamimili - Ginagamit ng tao ang kanyang pangkaisipan o kognitibong kakayahan. Ang kanyang intelektwal o ispiritwal na pakultad ang sumusuri ng impormasyon at iniuugnay ang mga kasalukayan at mga nagdaang karanasan. Ginagamit din ang konsyensya at malayang kalooban sa pamimili o desisyong gagawin.
- Pagtatangi - Ito ay elementong pandamdamin o apektibo. Dito mararanasan ang emosyon o *passion* sa pagmamalaki at paninindigan sa napiling desisyon.
- Pagsasagawa - Mahirap masabing mayroon ka ngang pagpapahalaga kung hindi naipakikita ito sa gawa.

A. Ang **Pamimili** ay may tatlong (3) pamantayan na natukoy sa katanungan mula bilang 1 hanggang 3 sa Gawain 3.1. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Pamimili nang malaya–Walang taong pumilit o nakaimpluwensya sa kanyang pagpili. Kusa ang pagpili sa gustong pahalagahan.
2. Pamimili mula sa ilang mapagpipilian–May tinitimbang kung alin ang higit na mahusay o mabuti kaysa sa ibang mapagpipilian.
3. Pamimili nang malalim at matalino–Pinag-iisipan, sinusuri, tinitimbang kung ano ang higit na mabuti o kung ano ang masama. Binibigyan ng sapat na panahon ang malalim na pamimili, hindi padalus-dalos lalo na kung ito ay kaugnay ng isang mabigat na suliranin.

B. Ang **Pagtatangi** ay may dalawang (2) pamantayan na kaugnay sa ika-4 at ika-5 katanungan sa Gawain 3.1. Ito ay mga sumusunod:

1. Pagbibigay halaga–Ang pinahahalagahan ay itinatangi, at inaalagaan. Hindi ito pinababayaang mawala.
2. Pagmamalaki–Ipinahahayag sa iba ang pinili, hindi ikinahihiya, ipinagmamalaki. Pinaninindigan ito sa kabila ng di-pagsang-ayon at hindi pagkatuwa ng iba. Buong tapang ito na ipinahahayag kahit kanino.


C. Ang **Pagsasagawa** ay may dalawa (2) ring pamantayan na kaugnay sa ika-6 at ika-7 katanungan sa gawaing nabanggit:

1. Pagsasagawa o Pagkilos–Pagpapakita ng desisyon o pinili sa salita, sa saloobin at sa araw-araw na buhay. Sa pagsasagawa ng piniling desisyon, ito ay magiging patibay ng iyong pinaniniwalaan, ng iyong nararamdaman, ng iyong pinahahalagahan.
2. Pagsasabuhay–Ito ay paulit-ulit na isinasagawa sa iba’t ibang sitwasyon at pagkakataon hanggang sa ito ay maging bahagi ng kanyang araw-araw na pamumuhay.



## SCQ 3.1

Isulat and mga pamantayan sa tatlong elemento ng proseso ng pagpapahalaga:



## Ang Proseso Bilang Estratehiya ng Pagtuturo

Tatlong elemento ng proseso at tatlong kakayahan na kaugnay ng proseso ang tatandaan sa paksang ito. Ang proseso ng pagpapahalaga ay nakabatay sa kaisipang ang pagpapahalaga ay maaaring mapaunlad sa tatlong aspeto: Kognitibo (paniniwala, kaisipan, kaalaman, impormasyong nakalap, opinyon, pananaw); Apektibo (damdamin o emosyon, paninindigan); at Kilos (aksyon).

A. **Aspektong Kognitibo:** Ito ay tumutukoy sa malinaw at tamang pag-unawa sa konseptong pinahahalagahan. Ibig sabihin nito ay maaari nating pabutihin ang kaalaman ng mga mag-aaral halimbawa sa konsepto ng “mabait”. Ano ang tamang konsepto ng mabait? Ito ba ay taong madasalin? Ito ba ay iyong palabigay ng abuloy sa mahihirap? Ito ba iyong nakikilahok sa gawaing pamayanan o iyong nababakarda lamang? Ang guro ang nagbibigay sa mag-aaral ng mga pagkakataong magsuri at magmuni-muni kung ano ang tamang konsepto ng “mabait”. Maaaring iba-iba ang perspektibo ng iba’t ibang mag-aaral batay sa kanilang limitadong karanasan ngunit sa tulong ng guro ay maaari ring magkaroon ng parehong pamantayan para sa pagbuo ng tamang konsepto ng pagpapahalagang nililinang.

B. **Aspektong apektibo**: Ito naman ay tumutukoy sa damdamin ng isang “mabait” kapag ito ay may gustong pagpakitaan ng kabaitan. Siya ba ay masaya o napipilitan lamang? Siya ba ay kusang mabait o pakitang tao lamang? Sa aspetong ito ipinapaalala ng guro sa mga mag-aaral ang pagsusuri ng kanilang damdamin at saloobin. Ang pagsuri ng tunay na motibasyon sa kabaitan, halimbawa ay mahalaga. Bagama’t tanging ang indibidwal lamang ang nakababatid ng tunay na hangarin, ang guro ang magtuturo sa mga batang mag-aaral ng kagandahang-loob upang magtugma ang kognitibong paniniwala at ang damdamin para rito.

C. **Aspektong pangkilos:** Ang kaisipan at damdamin ay dapat ding tugma sa kilos. Madalas na hindi nagtutugma-tugma ang tatlong aspetong ito.

Sa ibang pagkakataon, maaaring tugma ang isip at damdamin ngunit hindi katugma ng aksyon. Halimbawa, ang naipakikitang kabaitan ba ay tugma sa hangarin? Siya ba ay sadyang mabait sa pagtulong sa mahihirap o gusto lang niyang hangaan ng marami? Siya ba ay mabait sa lahat ng pagkakataong nasusubukan ang kanyang pagkamabait?

## Ang Paraan ng Pagtatanong sa Proseso ng Pagpapahalaga

Ang tamang pagtatanong ng guro o magulang sa mga mag-aaral ay mahalagang pag-aralan upang mailabas nito ang inaasahang pag-iisip, pagdama at pagkilos. Sa proseso ng pagpapahalaga, ang mga "pagpapahalagang tanong" o *Value Questions* ay naipapalabas ang tamang pag-unawa sa kognitibong konsepto ng pagpapahalaga, mga apektibong personal na karanasan at pagkatuto at ang pagtatalaga ng sarili sa aksyon para sa nararapat na pagbabago.

A. Mga halimbawang tanong sa aspektong kognitibo:

1. Elementarya

- *" Ano ang ibig sabihin ng pagiging matapat?*
- *"Bakit kailangang maglinis ng bakuran?"*
- *"Mailalarawan mo ba ang taong makatao?"*
- *"Paano mo maiuugnay ang kaayusan, sa sariling displina?"*

2. Sekundarya

- *"Bakit mahalaga ang paggalang sa karapatan ng kapwa?"*
- *"Paano mo mapatutunayan na ang katarungan ay may kaugnayan sa kapayapaan?"*
- *"Ano ang may higit na mataas na antas ng pagpapahalaga: ang pagsauli ng napulot na pera o paggamit ng napulot na pera sa pagbili ng gamot para sa maysakit? Ipaliwanag and sagot."*

B. Mga halimbawang tanong sa aspektong apektibo:

1. Elementarya

- *"Ano ang iyong ginagawa sa bahay na nagpapatunay na ikaw nga ay masipag?"*
- *'Maari mo bang ikwento ang karanasan mo tungkol sa pagtulong sa matatanda? Anong naramdaman mo kapag ikaw ay nakatulong?"*
- *"Mayroon ka na bang nakaaway? Ano ang iyong ginawa? Anong pakiramdam mo noong nagbati kayo?"*

2. Sekundarya

- *"Anu-anong mga pagpapahalaga ang taglay mo?"*
- "*Gaano kahalaga ang karapatan sa buhay mo bilang isang anak?"*
- *"Naipatutupad ba ito (pananagutan sa tahanan) sa inyong tahanan?"*
- *" Maaari ka bang magbigay ng isang utos ng Diyos na lubos mong ginagawa sa iyong buhay?"*
- *"Pwede ka bang magbahagi ng pagpapakita ng pag-aalaga sa iyong sarili?"*

C. Mga halimbawang tanong sa aspektong pangkilos:

1. Elementarya

- *"Mula ngayon, ano ang iyong maaaring gawin sa bahay upang makatulong?"*
- *"Anu-ano ang iyong magagawang personal upang maging malinis at malusog ka sa sarili, sa bahay, at sa paaralan?"*
- *Ano pa ang maaari mong gawin upang higit na maging masipag?"*

2. Sekundarya

- *Buuin mo nga ang pangungusap, "Bilang kabataan, ako ay magsisikap na…"*
- *"Mula ngayon, ano ang maari mong gawin upang maalis mo ang kapintasang nakilala mo tungkol sa iyong sarili?"*
- *Ano ang maaari ninyong magawang proyekto tungkol sa suliraning ito upang mabawasan ang problema ng bayan?"*



## SCQ 3.2

Magbigay ng dalawang tanong o gawain sa bawat aspekto na maaari mong gawin bilang guro sa paglinang ng paggalang sa awtoridad. Isulat ang mga ito sa pangalawang hanay sa ibaba:

| ***Paglinang ng Pagpapahalaga: "Paggalang sa awtoridad"*** | |
|---|---|
| Mga Aspekto | Mga Panlinang na Tanong o Gawain |
| A. Kognitibong Pamimili o Paggawa ng Desisyon | *Hal. "Ano ang dapat na ginagawa sa mga batas?* |
| B. Apektibong Pagtatanggi | *Hal. "Mayroon ka bang personal na karanasan sa paglabag sa isang panuntunan sa paaralan? Maaari mo bang ikuwento?"* |
| C. Pagkilos o Pagsasabuhay | *Hal: Ano ang maaari mong gawin mula ngayon tungkol sa paggalang sa awtoridad?* |



## TANDAAN NATIN

1. Ang proseso ng pagpapahalaga ay may elemento at pamantayan ng pamimili, pagtatangi at pagsasakilos.
2. Ang prosesong ito ay ginagamit na estratehiyang panturo o panghubog ng pagpapahalaga. Ang mga aspetong pinauunlad nito ay ang kognitibong pag-unawa sa konsepto ng isang pagpapahalaga, ang epektibong pangangasiwa nang wasto sa emosyon at ang pang-aksyong aspeto ng pagsasabuhay ng pagpapahalaga.


# ARALIN 4
# *ANG MGA PAMAMARAAN AT ESTRATEHIYA NG PAGTUTURO SA EP AT EKAWP*

## PANIMULA

Matapos mong malaman ang mga batayan at pilosopiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng iyong mga mag-aaral, marahil ay handang-handa ka nang magturo ng pagpapahalaga o magsanib nito sa iyong aralin. Naging malinaw ba sa iyo ang pitong (7) dimensyon at kalikasan ng tao at ang proseso ng pagpapahalaga? Magsisilbing kaalaman at matibay na batayan mo ang mga ito sa pagpili ng iba't ibang pamamaraan o pagdulog at mga estratehiyang gagamitin mo sa pagtuturo.

Inaasahang mula sa iyo ang kaalaman sa pagpili at paggamit ng mabisa, maayos at kawili-wiling pamamaraan, pagdulog at mga estratehiya ng pagtuturo ng pagpapahalaga. Ang mga pamamaraan at estratehiyang iyong pag-aaralan ay magagamit mo rin sa pagsasanib ng mga pagpapahalaga sa iba't ibang asignatura.

Ibig mo na bang malaman ang mga epektibong pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagpapahalaga? Kung gayon ay basahin mo ang mga sumusunod na layunin para sa araling ito:



## MGA LAYUNIN

Pagkatapos ng aralin na ito, inaasahan sa iyo na:

1. Maipaliwanag ang iba't ibang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagpapahalaga
2. Matukoy ang mga estratehiyang ginagamit sa pagsasanib ng pagpapahalaga sa iba't ibang asignatura

3. Makagamit ng mga makabuluhang pandamdaming tanong upang malaman ang mga saloobin, pagpapahalaga, mithiin at kawilihan ng mga mag-aaral
4. Matukoy ang mga pamamaraang ginamit sa pagtuturo ng pagpapahalaga sa ibat ibang aralin o gawain
5. Maisaalang-alang ang mga batayan tungo sa epektibong pagtuturo at pagsanib ng pagpapahalaga




## BASAHIN

### Mga Pangunahing Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagpapahalaga

Ang paglinang ng pagpapahalaga ay maaaring makamit sa pamamagitan ng pagtuturo ng EP at Edukasyong Pagpapakatao bilang hiwalay na asignatura sa antas elementarya at sekondarya o sa pagsasanib ng mga pagpapahalaga sa iba't ibang asignatura.

Nakasalalay sa mabuting estratehiya at pamamaraan ng pagtuturo ang mahusay, mabisa at kawili-wiling pagkatuto ng mag-aaral. Kung kayat ang gurong katulad mo na magpapasya sa pamamaraan at estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ay dapat na may sapat na kaalaman ukol dito.

Magbalik-tanaw ka sa mga estratehiya at pamamaraang nagagamit mo sa pagtuturo o pagsasanib ng mga pagpapahalaga. Isulat ang sagot sa loob ng *scroll* sa ibaba:



Mula sa gawaing ito, ano ang iyong natuklasan ukol sa mga estratehiya at pamamaraang ginagamit mo sa pagtuturo? Dugtungan mo ang pangungusap na ito:

Nalaman ko na

Talakayin natin ang mga pamamaraan at pagdulog. Pag-aralan mo ang mga layunin at mga estratehiya sa talahanayan sa ibaba. Sa unang hanay ay matutuklasan mo ang iba't ibang pamamaraan at pagdulog sa pagtuturo ng pagpapahalaga. Sa ikalawang hanay ay malalaman mo ang mga layuning nakapaloob dito. Sa huling hanay ay matututuhan mo ang mga estratehiyang angkop gamitin sa pagtuturo ng pagpapahalaga. Ang layunin ng pamamaraan ay magbibigay linaw sa iyo kung kailan mo ito dapat gamitin.

**a. Inculcation**

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **1. Inculcation** | Maikintal ang mga tiyak na pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang ito ay kanilang tularan at maging huwaran bilang mga pagpapahalagang hinahangad ng lipunan. | ▪ modeling,<br>▪ positive or negative reinforcement<br>▪ mocking<br>▪ nagging<br>▪ games o laro<br>▪ role playing<br>▪ storytelling |
| **Mga halimbawa ng Pagdulog na ito:**<br>▪ **Pagpuri ng guro sa sagot ng bata:** "Magaling ang iyong opinyon."<br>▪ **Nagging:** "Maaari bang linisin ninyo ang inyong lugar bago kayo umalis ng klase?"<br>**Modelling:** "Dapat nating pamarisan si Melchora Aquino sa kanyang pagiging matapang." | | |

### b. Values Clarification

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **2. Values clarification** | Mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magkaroon ng makabuluhang pagsusuri sa kanilang mga paniniwala, asal o kilos at mga pagpapasya upang magamit nila ang mga ito sa kanilang pamumuhay sa lipunan. Ang values clarification ay isang prosesong binubuo ng malaya at matalinong pamimili, pagtatangi, lantarang paninindigan, pagkilos o pagsasagawa at pagsasabuhay ng mga pinili. Ang pamamaraang ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kamalayan at masuri ang sariling pagpapahalaga at pagpapahalaga ng iba. Ito rin ay isang pagkakataong maibahagi ang pagpapahalaga nang bukas at tapat sa kapwa. | ▪ role playing o games<br>▪ simulations<br>▪ contrived or real value-laden situations<br>▪ in-depth self-analysis exercise<br>▪ sensitivity activities<br>▪ out-of-class activities<br>▪ small group discussion<br>▪ clarifying response strategy (CRS)<br>▪ values grid<br>▪ ranking<br>▪ group dynamics |
| Mga halimbawa ng Pagdulog na ito:<br>▪ **Self-Reflection:** Mula sa listahan ng mga pagpapahalaga sa pisara suriin mo ang iyong sarili kung taglay mo ang mga ito. Alin ang pinakatangi sa iyo? Anong mga karanasan mo ang nagpapatunay rito?<br>▪ **Role playing:** Isadula ang mga sumusunod na sitwasyon at ipakita kung ano ang gagawin ninyo kapag nahaharap sa mga sitwasyong tulad nito. | | |

### c. Moral Development

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **3. Moral development** | Matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang moral na pangangatwiran at kaisipan batay sa mataas na uri ng mga pagpapahalaga. Mahikayat ang mga mag-aaral na talakayin ang mga kadahilanan sa pagpili ng mga pagpapahalaga at posisyong | ▪ moral dilemma episode with small group discussion relatively structured and argumentative<br>▪ case study |

| | | |
|---|---|---|
| | kanilang pinanindigan at di lamang ang mga pagbabago sa kanilang pangangatwiran. | |

Halimbawa ng Pagdulog na ito:

- **Moral Dilemma:** Nahuli mong nangongopya sa pagsusulit ang iyong kamag-aral na matalik mo ring kaibigan. Alam mo na kapag isinumbong mo siya sa guro ay di ka na niya muling babatiin. Ngunit alam mong mali ang kanyang ginawa. Ano ang gagawin mo?

**d. Value Analyis**

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **4.** Value Analysis | Matulungan ang mga mag-aaral na gamitin ang makatwiran o lohikal at syentipikong pamamaraan sa pagsisiyasat sa mga isyung panlipunan sa kanilang kapaligiran. Ang pamamaraang ito ay naglalayong magamit ng mga mag-aaral ang rasyonal at analitikal na proseso sa pag-uugnay at pag-unawa sa kanilang mga pagpapahalaga. | ▪ structured rational discussion that demands application of reasons as well as evidence<br>▪ testing principles<br>▪ analyzing analogous cases<br>▪ debate<br>▪ research<br>▪ individual or group study<br>▪ library and field research with rational class discussions |

Mga halimbawa ng Pagdulog na ito:

- **Research:** Mangalap ng mga *research articles* o *clippings* mula sa pahayagan o magazine na magpapatunay ng pagiging makabayan ng mga Filipino.
- **Debate:** Maghanda ng isang debate tungkol sa paksang "Dapat ba o hindi dapat gawin ang cloning?"

**e. Action Learning**

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **5.** Action Learning | Mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matuklusan, maisabuhay o maisakilos ang kanilang mga pagpapahalaga.<br><br>Mahikayat ang mga mag-aaral na tingnan ang sarili bilang personal at sosyal na nilalang na kasapi ng komunidad o isang sistema. | ▪ methods listed under analysis and clarification<br>▪ action project within the school and community, skill practice in group organizing and interpersonal relations |
| Mga Halimbawa ng Pagdulog na ito:<br>**Action project:** Mamili ng proyekto na sa palagay ninyo ay makatutulong sa inyong kumunidad. Maghanda ng mga plano at hakbang sa paggawa ng proyektong ito. | | |

**f. Transpersonal Approach**

| PAMAMARAAN/ PAGDULOG | LAYUNIN | ESTRATEHIYA |
|---|---|---|
| **6.Transpersonal Approach** | Malinang sa mga mag-aaral ang mataas na antas na kamalayan at spiritwal na paglago sa pamamagitan ng proseso sa pagkilala sa sarili tungo sa kaganapan ng pagkatao. | ▪ rest and relaxation exercises<br>▪ meditation and brief fantasizing<br>▪ imagination<br>▪ creativity and mind games<br>▪ awareness activities |
| Mga Halimbawa ng Pagdulog na ito:<br>▪ **Meditation:** Ipikit ang inyong mga mata at irelaks ang katawan. Sariwain ang mga karanasang hindi ninyo malilimutan sa piling ng iyong matalik na kaibigan. Paano nagsimula ang inyong pagkakaibigan? Anu-anong mga pangyayari ang nagpapakita ng inyong magandang samahan? Sa paanong paraan pa ninyo mapagtitibay ang inyong samahan? Pagkatapos ng gawain ay isalaysay ninyo ang tungkol sa inyong kaibigan. | | |



## SCQ 4.1

Mula sa paksang binasa ay nalaman natin ang iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ng pagpapahalaga. Basahin mo ang panuto sa bawat sitwasyon at tukuyin ang ginamit na pamamaraan ng guro sa pagtuturo ng pagpapahalaga. Isulat sa iyong *journal* ang iyong sagot.

**Sitwasyon 1**

**Guro sa mag-aaral:** *Mula sa mga pagpapahalagang nakasulat sa pisara ay pumili lamang ng tatlong pinakamahalaga para sa iyo. Suriin ang iyong sarili at iranggo ang tatlong pagpapahalaga batay sa kahalagahan nito. Ang bilang isa (1) para sa pinakamahalaga.*

**Sitwasyon 2.**

**Guro sa mag-aaral:** *Tumahimik sandali at isipin ang ilan sa mga hindi malilimutang karanasan sa iyong buhay. Sa sampung minuto na kasabay ang malumanay na tugtugin ay damahin ang naging emosyon mo noong nangyari ang mga ito.*

**Sitwasyon 3.**

**Guro sa mag-aaral**: *Isipin mo na ikaw ay naimbitahan upang maging tagapagsalita sa isang pagtitipon na dadaluhan ng mga pinuno ng iba't ibang relihiyon. Sumulat ng isang maikling pahayag na nanghihikayat sa kanila na magkaisa sa kabila ng kanilang magkakaibang paniniwala.*

**Sitwasyon 4.**

**Guro sa mag-aaral**: *Ang suliranin sa ibaba ay karaniwang idinudulog ng mga kabataan sa mga counselors o kaya sa kanilang mga kaibigan. Ipalagay mong ikaw ay counselor, Ano ang maipapayo mo tungkol sa suliraning idinudulog ng sa iyo?*

*Kabataan 1: Mahal na mahal ko ang aking boyfriend. Ikamamatay ko kung mawawala siya. Sabi niya ay dapat kong patunayan ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng kanyang kagustuhan. Naguguluhan ako. Ano ang aking gagawin?*

**Sitwasyon 5.**

**Guro sa mag-aaral:** *Ang buong klase ay inaasahang makapipili ng depressed area sa kanilang komunidad. Ilista lahat ang suliranin ng inyong "adopted community." Pagpasyahan kung alin sa mga suliranin ng lugar ang dapat munang masolusyunan. Itala kung paano ninyo gagawin ang pagtulong at kung anu-ano ang mga kailangan upang maisakatuparan ang gawaing ito. Ibahagi ang inyong nabuong plano sa buong klase.*

**Sitwasyon 6.**

**Guro sa mag-aaral:** *Maghanda para sa isang pangkatang gawain. Basahin ang datos sa ibaba. Sumasang-ayon ka ba rito o hindi? Gumawa pa ng ibang pananaliksik na makapagpapatunay sa iyong pananaw.*



# BASAHIN

**PNU-ACES Approach: Pamamaraan sa Pagtuturo ng Pagpapahalaga**

Ang pamamaraan ng pagtuturo ng EP at Edukasyong Pagpapakatao ay hindi nakatakda sa iisa lamang na estratehiya. Sa katunayan, maaaring pagsama-samahin ang mga kalakasan ng limang pamamaraan na ating tinalakay. Ito ay pwedeng magawa upang mas maging matagumpay, kawili-wili at mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang **PNU-ACES** (Affective-Cognitive Experiences for Self-integration) ay pamaraang binalangkas ng Philippine Normal University na siyang ginamit na pagdulog sa pagsasanay ng mga guro sa EP.

Ang pagdulog na ito ay batay sa *confluent theory of education* kung saan sabay na natatamo ang pagkatutong pangkaisipan at pandamdamin mula sa sarili at pangkatang gawain. Ang mga gawain ay nakabalangkas upang mula sa mga ito ay matuklasan at maliwanagan ng mga mag-aaral ang tunay nilang pinahahalagahan. Ang pakikinig sa iba't ibang pananaw ng kanilang mga kamag-aaral ay makatutulong din sa pagtitimbang at pamimili ng kanilang mga pahahalagahan.

May apat na mahahalagang bahagi ang pamamaraang ito: **Gawain**, **Pagsusuri, Paghahalaw** at **Paglalapat**. Ang panimula ay naglalayong maganyak at mawili ang mga mag-aaral. Pag-aralan ang dayagram sa susunod na pahina:

**Panimula**

| **Gawain** | **Pagsusuri** | **Paghahalaw** | **Paglalapat** |
|---|---|---|---|
| Pagsisimula ng pagkatuto at paglinang ng ugnayang personal at interpersonal | Pagsusuri at pagbibigay kahulugan sa kaisipan, damdamin at pananaw | Pagkikintal ng aral-mga batayan o direksyon ng mabuting asal | Pagtatalaga ng sarili sa pagsasabuhay ng natutuhang mabuting asal |
| Pagtulong sa Pagkatuto<br><br>(Facilitating Learning) | | Pagkintal ng Direksyon<br><br>Para sa KABUTIHAN (Inculcation and Setting Direction for Good Life) | |

**Pagtataya** ← **Pagtatapos**

Ang bahagi ng *Gawain* na ginamitan ng iba't ibang estratehiya ay magiging kawili-wili sa mga kabataang tuturuan. Ito ay estratehiya para sa indibidwal o pangkat upang masuri ang sarili o opinyon ng pangkat kaugnay ng gawain. Ang mga malikhaing estratehiyang ito ay kinakailangan sa panahong ang mga kabataan ay aktibo sa pagtuklas ng mga bagong pagkatuto.

Ang mga pangunahing tanong sa bahagi ng *Pagsusuri* ay para sa pag-unawa ng kahulugan ng bagong karanasan sa Gawain. Ngunit hindi dapat maging limitado sa mga tanong tungkol sa Gawain. Mahalaga sa bahagi ng pagsusuri na maiugnay ang sarili nilang karanasan, kalooban, kaisipan at ikinikilos sa kasalukuyang pinag-uusapan.

Sa *Paghahalaw*, ang pangunahing konsepto ay binabalangkas upang maging batayan ng direksyon para sa pagpapahalaga. Upang mapagtibay ang konsepto ng pagpapahalaga, ang bawat aralin ay may *Pagpapayaman ng Konsepto* na tumatalakay sa ibang mahahalagang bagay na kaugnay ng aralin. Ang mga

kaalamang ito ang inaasahang lilinang ng kasisipan ng mag-aaral upang magkaroon ng mabuting batayan sa pagpapasya at pagkilos.

Ang isang aralin ay magiging makahulugan lamang kapag ito ay nailalapat sa tunay na buhay. Ang *Paglalapat* ng pagkatuto sa pang-araw-araw na gawi at kilos ay ginagabayan ng mga pagtatakda ng mga sarili sa mabuting kaasalan. Ang mga unang balangkas at hakbangin ay ginagabayan sa bawat aralin. Iminumungkahi sa bawat aralin ang pagkakaroon ng resolusyon, hakbangin o ibang paraan upang mapabuti ang sarili at pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa Diyos.

Ang huling bahagi ng bawat aralin ay isang P*agtataya* na ginagamitan din ng iba't ibang estratehiya.

*Sa susunod ay makikita mo ang mga banghay-aralin na nagpapakita ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ng pagpapahalaga.*

**Banghay-aralin na may Estratehiyang ACES**

Pamagat ng Aralin: Pagtutulungan at Pagkakaisa, Hindi Kanya-Kanya, (4$^{th}$ year EP)

**I. Mga Tiyak na Layunin:**

A. Naiisa-isa ang epekto ng di pagkakasundo at pagkakanya-kanya ng mga bansa at pamayanan
B. Nailalahad ang positibong pagtatangi sa pagkakasundo at pag-aasahan ng mga pamayanan at bansa
C. Naisusulat ang mga paraan upang maiwasan ang di-pagkakasundo upang mapairal ang pagkakaisa

**II. Nilalaman ng Aralin**: Pag-aasahan at Pagkakasundo

Sanggunian: Punsalan, Twila G. et. al. 2002. *Sangkatauhan sa Maylalang. Quezon City: Rex Publishing.*

***Konsepto ng Pagpapahalaga:*** "Ang bawat pamayanan at bansa ay hindi kailanman magiging sapat sa kanyang sarili lamang o kaya ay magtatagumpay nang walang tulong ng iba. Kailangan ng bawat pamayanan at bansa ang pag-agapay ng iba. Sa halip na pagkakanya-kanya, ang dapat pairalin ng lahat ng bansa ay pag-aasahan, pagtutulungan, pagkakasundo at pagkakaisa."

**III. Pamamaraan**:

GAWAIN A: (Panimula, maaaring opsyunal)

Pabilangin ang mga mag-aaral ng isa hanggang pito upang makabuo ng pitong pangkat. Bigyan ng bawat pangkat ng bubuuing *puzzle* (pitong bandila ng pitong bansa na ginupit-gupit). Bago ibigay ang bubuuing bandila, pagpalit-palitin ang tig-isang piraso ng *puzzle* upang walang grupong makabuo ng bandila. Dahil walang pakialaman ang bawat grupo, hindi malalaman ng bawat isa na ang nawawalang bahagi ay nasa kabilang pangkat.

Tanungin ang mga pangkat:

1. Bakit nagiging mahirap ang pagbuo ng Gawain?
2. Madali ba o matagal ninyong nadiskubre na kulang ang mga piraso ng puzzle?
3. Paano nagtulungan ang inyong pangkat upang mabuo o gumawa ng paraan sa pagbuo ng puzzle?

GAWAIN B. (Pangunahin)

Pagdalhin ang mga mag-aaral ng mga ulat sa dyaryo ukol sa pag-aalitan at di-pagkakasundo ng tao sa kapwa tao at ng bansa sa kapwa bansa. Ipabasa ang ulat at hanapin ang dahilan ng di-pagkakasundo at pag-aalitan nila. Pasubok sa mga mag-aaral na gawing positibo ang pag-ulat sa dyaryo sa pamamagitan ng muling pagsulat nito at pagbabago sa pangyayari ayon sa nais nila at dapat na mangyari upang maiwasan ang kanilang pag-aalitan.

Maaaring pagsamasamahin ang ginawang ulat at gumawa ng pahayagan ang klase.

PAGSUSURI:

1. Ano ang nagagawa sa tao at sa mga bansa ng sistemang kanya-kanya?
2. Ano ang magagawa sa tao at sa bansa ng pag-aasahan at pagkakasundo?

Markahan ng (+) kung ang epekto ay positibo at (-) naman kung negatibo. Maaring gumawa ng tsart sa pisara na gaya nito:

| Sistemang Kanya-Kanya | Pagtutulungan/Pagkakaisa |
|---|---|
| | |

3. Ano ang karaniwang dahilan ng pag-aalitan ng mga tao at bansa? Ano ang iyong damdamin tungkol dito?
4. Paano maiiwasan ang mga ito?
5. Anu-ano ang epekto sa tao at sa bansa ng pag-aalitan at pagkakanya-kanya? Ng pagkakasundo? At pag-aasahan?
6. Ano ang epekto nito sa iyong sarili at sa iyong pamilya?

PAGHAHALAW

Palalimin ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa epekto at kabutihang dulot ng pagkakasundo at pag-aasahan ng mga tao at bansa. Talakayin ang konsepto ng pagpapahalaga sa sumusunod:

> “Isang katotohanan sa kasalukuyan ay ang patuloy na pag-aalitan at di-pagkakasundo ng mga tao at ng mga bansa. Sa ganitong kalagayan, mahalagang malaman na ang bawat pamayanan at bansa ay hindi kailanman magiging sapat sa kanyang sarili lamang o kaya ay magtatagumpay nang hiwalay sa iba. Kung paano ang tao ay kailangang makipamuhay sa iba, gayundin naman, kailangan ng bawat pamayanan at bansa ang pag-agapay ng iba. Ito ang dahilan kung bakit sa halip na pagkakanya-kanya, ang dapat pairalin ng lahat ng bansa ay pag-aasahan, pagtutulungan, pagkakasundo at pagkakaisa.”

PAGLALAPAT:

A. Ipasulat ang mga paraan upang maiwasan ang di-pagkakasundo at mapairal ang pagkakaisa sa mga sitwasyon sa ibaba:

1. Hindi pagkakasundo ng pamilya sa pamilya:

   Sitwasyon: *Dalawang pamilyang magkapitbahay ang hindi magkasundo sa paggamit sa ‘parking space” sa tapat ng mga bahay nila. Kung minsan, nagpaparada ang isa sa tapat ng kabilang bahay. Kapag nagkaganito nagagalit ang kabilang pamilya.*

2. Ang rehiyonalismo ng ilang mga Pilipino:

   Sitwasyon: *Gusto ng isang pambansang opisyal na pagawa ang mga kalsada sa kanyang bayan. Ang mga mamamayan sa kabilang bayan ay naiiingit dito. Dahil sa hindi naman pinagawa ng opisyal ang kalsada sa kabilang bayan, sinira ng ilang nainggit ang ginawang kalsada hanggang sa mag-away-away ang magkabilang bayan.*

B. Sumulat ng isang ulat tungkol sa isang kaso ng hidwaan sa inyong barangay sa pamamagitan ng pagsunod dito:

1. Pumunta sa inyong barangay at humingi ng pahintulot na ma-interview ang isang opisyal na humahawak ng isang kaso na natapos at naayos na.
2. Gumawa ng ulat tungkol sa:
   a. Sinu-sino ang mga tauhan (hindi ilalagay ang mga tunay na pangalan)?
   b. Ano ang hidwaang nangyari?
   c. Ano ang ginawang paraan upang maayos at magkasundo ang dalawang panig?

**IV. Pagtataya:**

A.

1. Ipaliwanag kung ano ang gampanin ng mayayamang bansa sa pagkakaisa ng mga bansa.
2. Ipaliwanag ang gampanin ng mga mahihirap ang kalagayan sa pag-aasahan ng mga tao o mga pangkat sa pamayanan.
3. Talakayin ang tatlo sa mga pagpapahalagang kinakailangan ng mga tao o bansa upang matamo nila ang pagkakasundo o pagkakaisa.

B. Isulat ang limang realisasyon at kaalaman na natutuhan mo mula sa aralin.

1.
2.
3.
4.
5.



## SCQ 4.2

1. Bakit sinabing alternatibong pamamaraan ng pagtuturo ng pagpapahalaga ang PNU ACES Approach?
2. Ano ang confluent theory of education?
3. Anu-ano ang apat na mahahalagang bahagi ng pamamaraan ng PNU ACES?
4. Anong mahalagang paalaala ang dapat mong tandaan bilang bahagi ng pagsusuri?
5. Kailan nagiging makahulugan ang isang aralin? Bakit?
6. Gumawa ng sariling *lesson plan* na gagamitan ng estratehiyang ACES. Pumili ng isang *learning competency* na nasa antas o baitang na itinuturo.



## BASAHIN

**Pagtuturo ng Pagpapahalaga sa Pamamagitan ng "CHILD-FRIENDLY SCHOOL SYSTEM"**

Ikaw, bilang guro ng pagpapahalaga ay malaki ang magagawa sa pagtatatag ng isang "Child-Friendly School System" (CFSS). Bukod sa mga pamamaraan ng pagtuturo na ating tinalakay ay may mga dapat mong tandaan tungo sa paglinang ng mga pagpapahalaga para sa ikabubuti ng mga bata. May malaki at makabuluhang kontribusyon sa ikapagtatagumpay ng CFSS Program ng UNICEF ang paggamit mo sa mga estratehiyang ito. Maari mong basahin ang Module 1 ang tungkol sa CFSS sa pahinang 57-58.

**T**

**Titser Bilang Modelo** - Ang pagtuturo ng pagpapahalaga lalo na sa asignaturang EP at EKAWP ay higit na mabisang maituturo o maikikintal sa pamamagitan ng mabuting halimbawa ng guro. Higit na mauunawaan ng mga mag-aaral ang pagpapahalagang iyong itinuturo tulad ng respeto, integridad at kabutihang loob kung ito ay isinasabuhay mo bilang guro. May kasabihang"*one cannot teach what he or she doesn't have.* Ito ay paalala at hamon sa bawat guro na maging modelo ng pagpapahalaga.

Sa panahon ngayon na ang ating mga mag-aaral ay lantad na sa iba't-ibang uri ng tao at paniwala na maaaring nilang maging huwaran sa pagbuo nila ng pagpapahalaga ay lalong inaasahan na magsilbi kang modelo na kakikitaan ng mga mabubuting pagpapahalaga. Pangunahing tungkulin mo sa pagiging huwaran ng mga pagpapahalaga ay ang pagkakaroon ng positibong imahe sa iyong sarili. Ang pagnanais mong mabago ang iyong sarili at ang iyong mag-aaral tungo sa pagsasabuhay ng mga mabubuting pagpapahalaga ay magsilbi sanang isang misyon na dapat mong tanggapin o yakapin. Isa na itong palatandaan ng iyong tunay na pagmamalasakit sa iyong mga mag-aaral na maaaring naguguluhan sa iba't ibang pagpapapahalagang kanilang nakikita. Alalahanin mo na hindi lamang propesyon, kundi isang misyon ang pagtuturo.

**E**

***Experiential Learning:* Isang Pagdulog na Personal–**Ang *experiential learning* ay epektibo sapagkat nabubuo nito ang pangkalahatang pagkawili ng mga bata sa mga pagkatutong kognitib, saykomotor at pandamdam. Dahil sa personal na pagsasagawa ng mga mag-aaral ay natutuklasan nila ang sariling pananaw at pakiramdam. Nasasangkot ang mga mag-aaral sa mahahalagang gawain tulad ng pagbabalak, pagsusuri, pagtatalakayan, paghahambing, pagmamasid at pagpapasya. Naglilinang din ang maraming kakayahan ng mag-aaral tulad ng pang-unawa, pagpapahayag, pagpapakahulugan at pagbibigay ng sariling opinyon batay sa pagsusuri.

Ang *experiential learning* ay maaaring pansarili o pangkatang gawain. Ang isang pangkat ay maaaring kooperatibo, kolaboratibo at interaktibo. Ang pangkatang gawain ay tinatawag na kooperatibo kapag bawat kasapi ay nagsasagawa ng magkaiba ngunit magkaayong gawain na nakatuon sa pangkalahatang layunin. Ang kolaboratibo naman ay nagaganap kapag bawat kasapi ay tumutulong sa isang gawain na nakatuon sa pangkalahatang layunin. Interaktibo naman ang tawag kapag may nagaganap na makabuluhang usapan sa isa't isa.

Sinasabing lubos na kinagigiliwan ng mga batang mag-aaral ang mga pangkatang gawain dahil sa sumusunod na dahilan:

1. **Ang pangkatang gawain ay masaya**. Ito ay nagbibigay ng pagakakataong makaiwas sa makalumang paglelektyur sa klase. Bukod dito ay kawili-wili ang mga gawain na nagpapatibay sa paksang tinatalakay.
2. **Ang pangkatang gawain ay isang madaling paraan ng pag-aaral**. "Two heads are better than one." Inaalis ng pangkatang gawain ang bigat at hirap na dulot ng pagtatrabaho nang nag-iisa. Nagkakatulungan ang mga mag-aaral na makapag-isip, magbahaginan ng kuru-kuro o opinyon upang malutas ang problema o matapos ang gawain.



## GAWAIN 4.1

Bigyang patunay at pangatwiranan mo ang natitira pang tatlong dahilan kung bakit sinasabing lubos na kinagigiliwan ng mga mag-aaral ang mga pangkatang gawain:

1. Ang pangkatang gawain ay nagpapaunlad ng responsibilidad sa kapwa sapagkat...
2. Ang pangkatang gawain ay nagpapaunlad ng pagsuporta sa kapwa sapagkat...
3. Ang pangkatang gawain ay nagpapaunlad sa pagiging malikhain at nakapagpapalawak ng kaalaman sapagkat...

**Encouragement o pagpuri** – Kaysarap pakinggan ng mga katagang: *Very Good! Magaling! Ipagpatuloy mo ang mabuting gawain! Dapat kang pamarisan! Palakpakan natin sila!* Ang mga ito ay nagsisilbing panghikayat sa ating mga mag-aaral at patunay na may magagawa silang mabuti at makabuluhan.

Bilang guro, mahalaga ang mga pananalitang ginagamit mo sa mga mag-aaral. Ang mga salitang ito ay may mabigat na dating sa kanila. Bawat pagpuri at pagtatangi sa wastong sagot, mabuting ugali at asal ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan ay nagsisilbing panghikayat upang lalo pa nilang pagbutihin ang kanilang gawain.

Ang madalas mong paggamit ng positibong pananalita, affirmation, pahayag at kilos sa iyong pagtuturo ay nagdudulot ng magandang bunga. Masasalamin sa mga salita at kilos na ginagamit mo ang mga positibong pagpapahalaga na nais mong matutuhan at makuha ng iyong mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito ay napaparamdam mo sa kanila at naituturo mo ang mga pagpapahalagang tulad ng pagmamalasakit, pag-unawa at respeto sa kanilang mga pananaw, saloobin at kakayahan. Maging bihasa ka sana at makapagbigay ka sana ng mga positibong puna at pagganyak.

Ang pagpuri sa mga mag-aaral ay dapat maging totoo at tapat kahit sa maliit nilang nagawa o sa natamo nilang tagumpay sapagkat makagaganyak ito sa kanila upang maipagpatuloy pa ang mga magagandang gawain.



## GAWAIN 4.2

A. Umisip ng mga papuri na maaari mong gamitin at sabihin sa iyong mga mag-aaral. Isulat ang mga ito sa iyong journal.

B. Gumawa ng pamamaraan o tuntunin sa loob ng silid-aralan para sa pagbibigay puri sa mabuting gawain at pagpapahalagang ipinakita ng mga mag-aaral.

A

**Apektibong Pagtatanong**- Hindi matatawaran ang kahalagahan ng pagtatanong ng mga guro upang malaman ang pagkaunawa, saloobin, damdamin at kasanayan ng mga mag-aaral sa anumang aralin. Ang mga tanong ay may naibibigay na malaking tulong sa mga guro sa pagtuturo at pagsasanib ng mga pagpapahalaga. Inaasahan ang iyong kasanayan na makabuo ng iba't ibang uri at makabuluhang tanong na naglalayon masukat ang mga iniisip, naramdaman, kawilihan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

Dahil sa kalikasan ng EP at Eduskasyong Pagpapakatao ay inaasahan na makapagbibigay ka ng makabuluhang tanong na may pokus o diin sa pandamdaming aspeto. Mga tanong na sasagot at magbibigay daan upang malaman mo ang mga personal na karanasan, damdamin at kaisipan ng iyong mga mag-aaral. Mahalaga sa pagsusuri o pagtatanong na maiugnay nila ang sariling karanasan, kalooban, kaisipan at ikinikilos sa kasalukuyang pinag-uusapan. Ang mga tanong na naka pokus lamang sa aspetong pangkaisipan, kabatiran at kasanayan ay maaaring hindi makapagpalalim ng mga pagpapahalagang nais mong maisabuhay nila.



## GAWAIN 4.3

Naaalala mo pa ba ang kuwento tungkol sa batang si Jose Rizal? Hindi sinasadyang nahulog ang isang paa ng kanyang tsinelas habang siya'y namamangka. Tinangay ito ng agos. Umupo si Jose sandali at nag-isip. Mayamaya ay itinapon din niya ang kabiyak ng kanyang tsinelas. Nang siya ay tanungin kung bakit itinapon ang naiwang tsinelas ay sinabi niyang mapakikinabangan ang tsinelas ng makapupulot nito.

1. Bakit inihagis ni Rizal ang kabyak ng kanyang sinelas?
2. Anong katangian mayroon si Rizal?
3. Dapat ba siyang pamarisan? Bakit?

Anong uri ng mga tanong ang ginamit sa pagsusuri ng aralin? Mga kognitibong tanong o apektibo? Bakit?

Magbigay ng mga tanong na maaaring makapag-ugnay sa mga sariling karanasan, kalooban, kaisipan at kinikilos ng mga mag-aaral sa karakter ng kwento.

*Halimbawa: "Mayroon ka bang kabutihang-loob na kagaya ng ipinakita ni Rizal? Ano ito?"*

*"Nararamdaman mo ba ang damdamin ni Rizal nang inihagis niya ang kabyak ng tsinelas?"*

**M**

**Materials o kagamitang panturo**-Kailangan din ang mga kagamitan sa pagtuturo na gaya ng mga larawan, poster, chart, puzzles, displey sa paaralan at iba pa ay makakapukaw ng interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa anumang leksyon/aralin? Dahil dito ay inaasahan na maiuugnay at magagamit mo ang mga natukoy na kagamitan sa pagbibigay diin mo sa mga pagpapahalagang iyong itinuturo. Maging mapagmasid ka at huwag sayangin ang mga pagkakataon na magamit mo ang mga ito.



Mga tanong na maaaring kaugnay sa aralin:

1. Ano ang ipinapakita ng mga larawan?
2. Ano ang iyong naramdaman habang tinitignan ang mga larawan?
3. Ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit niya naranasan ang sitwasyong ipinapakita sa larawan?
4. Kung bibigyan ka ng pagkakataong makausap siya, anu-ano ang iyong mga sasabihin?



## GAWAIN 4.4

Lagyan ng tsek (/) ang kagamitang panturo na karaniwang ginagamit mo sa pagtuturo. Samantala, bilugan naman ang mga hindi mo ginagawa o ginagamit ngunit nakikita mo na sa loob ng silid-aralan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ▪ Maps<br>▪ Graphs<br>▪ Charts<br>▪ Illustrations | ▪ Magazines/pictures<br>▪ Text<br>▪ Cartoons<br>▪ Photographs | ▪ Videos<br>▪ Slides<br>▪ Posters<br>▪ Bulletin boards | ▪ Quotations<br>▪ Models<br>▪ collages<br>▪ Skit |

Mula sa gawain ay nalaman ko na...



# BASAHIN

## Pagsasanib ng mga Pagpapahalaga

Bawat disiplina ay may likas na pagpapahalagang taglay at isinusulong kung kaya't ito'y daan tungo sa paghubog ng mga pagpapahalaga. Ipinatutupad ng 2002 Basic Education Curriculum ang pagsasanib at pagtuturo ng pagpapahalaga sa bawat asignatura. Inaasahan ng BEC na bawat guro sa anumang asignatura ay makapagturo o magkapagsanib ng pagpapahalaga sa kanyang aralin.

Kaya mo bang magsanib ng mga pagpapahalaga sa pagtuturo mo ng iyong mga aralin? Paano ba ang tamang pagsasanib ng mga pagpapahalaga? Anu-ano ang maaari mong maging batayan sa pagsasanib?

Ang pagtukoy sa mga pagpapahalagang dapat maisanib ay nagmumula sa kalikasan ng bawat asignatura/disiplina at ang nilalaman nito. Mula sa paksa at mga araling tatalakayin ay nakapaloob ang mga pagpapahalagang angkop dito. Ang *learning compentencies* ng disiplina ay konkretong batayan kung ano ang mga pagpapahalagang isasanib. Makatutulong din ang DepEd *VE Framework* na naglalaman ng core at related values. Ang mga pagpapahalagang ito ay magsisilbing sanggunian sa mga pagpapahalagang dapat isinasanib sa lahat ng antas at sa anumang asignatura.

Ang tagumpay ng pagsasanib ng pagpapahalaga ay nakasalalay sa pagiging malikhain ng guro sa paggamit ng bawat pagkakataon upang malinang ang mga pagpapahalaga ng mag-aaral. Dapat magsagawa ng kaukulang pagmamasid upang matukoy ang bahagi ng aralin na maaaring maging hudyat upang ikaw ay makapagsanib ng pagpapahalaga sa tama at natural na pamamaraan.

Sa karaniwang pagtuturo, hindi na kinakailangang gumawa pa ng hiwalay o bagong liksyon o gawain upang maituro ang pagpapahalagang dapat makamit ng mga mag-aaral. Ang pangkatang gawain, halimbawa, ay isang paraan sa pagsasanib na maaaring luminang ng mga pagpapahalaga tulad ng kooperasyon, paggalang, pakikilahok, atbp.

**Pagsasanib Sa Pamamagitan ng Pagtatanong o "Value Processing**"

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng pagsasanib ng pagpapahalaga sa iba't ibang asignatura sa pamamagitan ng pagtatanong o "**Value Processing**" ng guro::

**Asignatura: Matematika**

Antas: First Year High School

Aralin: Computing Interest

Pagpapahalaga: pagtitimpi, disiplina at pagtitipid

1. Pinapatungan ng may katumbas na interest ang anumang bagay na binibili natin sa pamamagitan ng credit card.
2. Ano sa palagay mo ang mga kabutihan at di-kabutihan ng pagkakaroon ng credit card?
3. Paano maiiwasan ng isang tao ang tukso ng labis na pagbili ng mga bagay sa pamamagitan ng credit card?
4. Ano sa palagay mo ang kaibahan ng mga pangangailangan (needs) at mga kagustuhan (wants)?
5. Gusto mo rin bang magkaroon ng credit card? Bakit?

**Asignatura: Science**

Antas: Second Year High School

Aralin: DNA

Pagpapahalaga: appreciation of one's uniqueness

1. Ang DNA ay nagsisilbing "blueprint" ng isang indibidwal. Walang magkatulad ng DNA.
2. Ano ang iyong naramdaman matapos mong malaman na walang magkatulad na DNA? Bakit?
3. Isalaysay mo kung paano mo pinapahalagahan ang iyong pagiging natatangi (unique)?
4. Paano mo mapapahahalagahan ang *uniqueness* ng iba o kapwa? Isalaysay mo nga ang isang halimbawa ng iyong karanasan?

**Asignatura: Pagbasa**

Antas: Grade IV

Aralin: Pagkakasunud-sunod ng pangyayari ayon sa kwento

Pagpapahalaga: Foresight, disiplina, hardwork

1. Kahit malayo pa ang tag-ulan ay nagsisimula nang mag-imbak ng pagkain si Langgam samantala ay patuloy sa paglalaro si Tipaklong.
2. Ano ang kinalabasan ng di- paghahanda ni Tipaklong sa darating na tag-ulan?
3. Ano ang naging bunga na maagang pag-iimbak ni Langgam ng pagkain?
4. Ikaw? Mayroon ka na bang karanasan na ganito? Ano ang nangyari sa iyo? Dapat bang lagi kang maging handa? Bakit?
5. Paano mo maisasabuhay ang aral ng kwentong ito?

**Iba Pang Pamamaraan ng Pagsasanib ng Pagpapahalaga**

Ngayong alam mo na ang mga batayan sa pagsasanib ay tingnan mo naman ang mga karaniwang estratehiya na ginagamit sa pagsasanib ng pagpapahalaga.

1. **Incomplete sentence** - Inaasahan ng mga mag-aaral na punuan ang patlang o pangungusap na may kaugnay sa aralin. Maaaring gamitin ng guro ang estratehiyang ito sa simula, gitna o dulong bahagi ng aralin. Layunin nito na makuha ang mga tugon ng mag-aaral na maglalahad ng kanilang paniniwala, opinion at saloobin.

   Halimbawa:

   1. The story is (English)
   2. Ang ating aralin ay (Pangkalahatan)
   3. Ang eksperiment ay (Science)
   4. Solving fraction is (Math)

2. **Pagbibigay ng pamagat sa tula/kwento o talatang nabasa** - Madalas gamitin sa asignatura ng sining sa pakikipagtalastasan ang tula at kwento. Samantalang ang talata na kinuha sa aklat at iba't ibang babasahin ay ginagamit sa lahat ng asignatura. Maaaring ang pagbibigay ng pamagat ay maging pansarili o pangkatang gawain, ang mahalaga ay mabigyan sila ng pagkakataong maipaliwanag kung bakit iyon ang pamagat na kanilang napili.

3. **Using Value-judgement Question**- Maaaring gawin ito sa lahat ng bahagi ng aralin. Pinakakaraniwang estratehiya ito sapagkat ang ganitong tanong ay bahagi ng pagtuturo. Pansinin na ang mga ito ay pagpapalawak ng pag-unawa sa konsepto (kognitibong pagtatanong).

   Halimbawa

   1. Kung ikaw si Rizal, pipiliin mo bang mabuhay o mamatay? Bakit? (Araling Panlipunan)
   2. Sa iyong palagay, tama ba na ang tauhan ng kwento ay sumapi sa rebeldeng kilusan? Bakit? (Sining ng Pakikipagtalastasan)
   3. Ano ang masasabi mo sa ginawang pag-alis ni Bonifacio sa Tenejeros Convention? Ipaliwanag ang iyong sagot. (Araling Panlipunan)

4. Sa iyong pananaw, may karapatan ba si Nobel sa pag-imbento ng dinamita? Bakit? (Science)

4. **Pagbibigay caption sa larawan-** Karaniwang ginagamit ng guro ang larawan bilang kagamitan sa pagtuturo. Maaaring gamitin ang larawan sa maraming paraan. Isa na rito ay upang malaman ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Matapos ipakita ang larawan sa klase tatanungin ng guro kung anong pamagat / caption ang ibibigay dito at kung bakit. Dapat bigyang diin kung ano ang kadahilanan sa pagpili at kung paano nila ito pinili. Para sa aspektong apektibo, sabihin sa mga mag-aaral na iugnay ang larawan sa kanilang personal na obserbasyon o karanasan.

Bigyan ng caption ang tatlong larawan. Ipaliwanag bakit ito ang iyong napili.





5. **Values Voting -** Binabasang malakas ng guro ang mga sumusunod na tanong

Ilan sa inyo ang...............?

Matapos basahin ng guro ay ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa pamamagitan ng:

- pagtaas ng kamay (sang-ayon)
- pagturo sa ibaba ng hinlalaki (di-pagsang-ayon)
- paghalukipkip ng braso (di-makapagpasya)
- walang aksyon na ginawa (walang sagot)

6. **Rank Order**- Binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong mamili mula sa mga pagpipilian. Pagkatapos ay tatalakayin at paninindigan nila ang kanilang napili.

   Halimbawa:

   kalinisan

   katahimikan

   kakulangan ng malinis na tubig

   sira-sirang kalsada

7. **Reaksyon sa sinabi ng isang tao (buhay, patay o tauhan ng kwento)**

   Halimbawa:

   b. Sinabi ni Ninoy Aquino: *"The Filipino are worth dying for!"* Ano ang iyong reaksyon?

   c. Inilahad ng nagmamay-ari ng lupain: Ipaglalaban ko ang aking lupain! Walang sinuman ang makakakuha nito mula sa akin.

   Ano ang masasabi mo sa kanilang pahayag?

8. **Judging the activity undertaken in class**-Binibigyang-diin nito ang pag-alam sa dahilan kung bakit naging matagumpay o di-matagumpay ang isang gawain. Mga pagpapahalagang tulad ng pamumuno at pakikisama ay maaaaring mangibabaw.

9. **"I learned "Statement**- Layunin nito ang pagbibigay ng feedback tungkol sa paksang tinalakay at gawaing isinagawa. Nililinaw at pinalalakas nito ang mga pagkatuto na maaaring hindi naunawaan ng mga mag-aaral. Mahusay rin itong pangwakas na gawain bilang paglalagom ng mga natutuhan mula sa aralin. Gagawa ang guro ng tsart at ipapaskil ang sagot ng mga mag-aaral pagkatapos ng liksyon.

Natutuhan ko na

Natuklasan ko na

Naunawaan ko na



## SCQ 4.3

Basahin ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot sa ibaba nito.

1. Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ng pagtuturo ang naglalayon na gamitin ng mga mag-aaral ang makatwiran o lohikal at syentipikong pamamaraan sa pag-uugnay ng mga isyung panlipunan sa kanilang pagpapahalaga.

   a. Moral Development    b. Value Inculcation

   c. Value Analysis    d. Action Learning

2. Alin sa mga sumusunod na estratehiya ang pinakamahusay na magpapakita ng pamamaraang values clarification?

   a. games and simulations    b. individual/group projects

   c. moral dilemmas    d. in-depth self-analysis

3. Anong pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo ang makapagpapakilos sa mga mag-aaral na makipagtulungan sa pagpapaunlad ng kanilang lokal na pamayanan?
   a. values inculcation
   b. moral development
   c. action learning
   d. values integration
4. Alin sa mga sumusunod ang hindi batayan upang matukoy ang mga pagpapahalagang isasanib sa mga aralin?
   a. asignatura o disiplinang itinuturo
   b. BEC VE Framework
   c. gawain ng aralin
   d. learning competencies
5. Ang inculcation ay inaakalang pinakamadaling pamamaraan sa pagtuturo ng pagpapahalaga. Alin sa mga sumusunod na estratehiya ang hindi maituturing na *inculcation?*
   a. story telling
   b. debate o diskusyon
   c. recitation of poems
   d. role playing
6. Ang pamamaraang ito ay naglalayon na pagsama-samahin ang mga kalakasan ng lima pang pamamaraan upang mas maging mabisa, kawili-wili at matagumpay ang pagkatuto ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral
   a. moral development
   b. Transpersonal approach
   c. PNU-ACES Approach
   d. Values clarification



## TANDAAN NATIN

1. *Ang mga pangunahing pamamaraan sa pagtuturo ng pagpapahalaga ay inculcation, moral development, value analysis, values clarification, transpersonal approach, action learning at PNU-ACES approach.*

2. Ang bawat pamamaraan ng pagtuturo ng pagpapahalaga ay may kanikaniyang layunin at estratehiya.

3. Isang alternatibong pamamaraan ng pagtuturo ng EP at EKAWP na nagtangkang pagsama-samahin ang mga kalakasan ng limang pamamaraan na ating tinalakay upang lalong maging matagumpay, kawili-wili at mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang **PNU-ACES.**

4. Ang pagtuturo ng pagpapahalaga lalo na sa asignaturang EP at EkAWP ay higit na mabisang maituturo o maikikintal sa pamamagitan ng mabuting halimbawa ng guro.

5. Ang madalas na paggamit ng positibong pananalita, *affirmation*, pahayag at kilos sa pagtuturo ay nagdudulot ng magandang bunga. Masasalamin sa mga salita at kilos na ginagamit ng guro ang mga positibong pagpapahalaga na nais niyang ituro at matutuhan ng mga mag-aaral

6. Mahalaga na sa pagsusuri o pagtatanong ay maiugnay ng mga mag-aaral ang sariling karanasan, kalooban, kaisipan at ikinikilos sa kasalukuyang pinag-uusapan.
7. Ang mga kagamitan sa pagtuturo na karaniwang ginagamit ng isang guro sa araw-araw tulad ng mga larawan, poster, chart, puzzles, displey sa paaralan at iba pa ay makakapukaw ng interes at pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapahalaga.
8. Ang pagtukoy sa mga pagpapahalagang dapat maisanib ay nagmumula sa kalikasan ng bawat asignatura/disiplina at ang nilalaman nito. Ang *learning competencies* ng disiplina ay konkretong batayan sa kung ano ang mga pagpapahalagang isasanib. Makakatulong din ang DepEd *VE Framework* na naglalaman ng core at related values.

# ARALIN 5
# *ANG PAGTATAYA SA APEKTIBONG PAGKATUTO*


## PANIMULA

Ang paglinang ng pagpapahalaga ay mahabang proseso. Hindi ito gaya ng pagtuturo sa mga kasanayan sa matematika, wika o agham na maaaring mataya ang pagkatuto pagkatapos ng isang araw na pagtuturo. Ang naiturong pagpapahalaga sa isang aralin ay maaaring hindi makita agad ang resulta. Kailangan pa ng sapat na panahon para sa isang bata na umusbong ang kanyang karanasan tungkol sa napag-aralang pagpapahalaga. Kaya hindi agad-agad na malaman ng isang guro kung nalinang nga ba ng isang bata ang kanyang itinuro o naisanib ba ang pagpapahalaga sa kanyang liksyon.

Maraming eksperto at mga guro ang nagsasabing mahirap ang pagtataya ng pagpapahalaga sa mga dahilan gaya ng:

- Ang pagbabago ng apektibong kilos ay hindi nakikita sa maiksing panahon lamang.
- Hindi nagkakasundo sa isang opinyon ang mga nagtataya kung gaano ang napaunlad na pagpapahalaga.
- Maaaring malaki ang agwat ng kung ano ang pinaniniwalaan ng isang tao at ng kanyang tunay na ikinikilos.
- May posibilidad na pinepeke lamang ang sagot sa pagtataya upang magmukhang mabait o maganda ang karakter ng isang tao

Gayunman, maaaring mataya ang mga *"value indicators"* na naipakikita ng mag-aaral. Sa araling ito mo malalaman kung ano ang mga ito at kung ano ang mga mungkahing estratehiya ng pagtataya sa mga *"value indicators"* na ito.



# MGA LAYUNIN

1. Maunawaan ang ilang mga pangunahing konsepto sa pagtataya ng apektibong pagkatuto
2. Masuri ang iba't ibang estratehiya na aangkop sa pagtuturo o pagsasanib ng pagpapahalaga sa mga aralin



## GAWAIN 5.1

Isiping naituro mo na ang pagpapahalagang **pananagutan sa kapwa.** Anu-ano kaya ang maaari mong mataya na maipakikita ng isang mag-aaral? May tatlong uri ng mga *value indicators* ang magpapakita ng natutuhan ng bata tungkol sa pagpapahalagang ito. Ang mga ito ay nasa tatlong kahon sa ibaba. Isulat sa mga patlang na nasa ibaba ang iyong naisip na halimbawa sa bawat isa.

| **Konsepto ng pagkamapanagutan sa kapwa -** Ano ang pagkaunawa ng bata sa kahulugan ng paggalang sa pagkaiba-iba ng opinyon? | **Damdaming nadarama** sa mga sitwasyong nakikita o nararanasang may nangangailangan ng tulong | **Aksyon o kilos** kapag may mga nagangailangan ng pagkilos sa iba't ibang sitwasyon |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. |

Sa Gawain sa itaas, napansin mo ba na ang unang kahon ay nagsasaad ng mga resulta ng kognitibong layunin ng aralin? Ano naman ang sa pangalawang kahon? Hindi ba ito naman ay sa apektibong layunin? Napansin mo rin bang sa pangatlo ay natuon sa mga layuning kaugnay ng aksyon? Suriin mo ang mga halimbawang naisulat mo. Ang mga ito ba ay pagpapakita ng natutuhan ng bata tungkol sa kanyang pananagutan sa kapwa at sa pamayanan?



# BASAHIN


## Pagtataya ng Pagpapahalaga

Mayroon kaming naisulat sa isang aklat para sa mga guro noong 1989 na pinamagatang *Approaches and Strategies for Values Education*. Sa hulihan ng aklat ay tinalakay namin ang tungkol sa pagtataya ng pagpapahalaga gaya ng isinasaad dito. Ang sumusunod ay halaw sa aklat na iyon.

*Values as a part of human behavior are manifested in three dimensions: (1) knowledge and understanding of the value concept, (2) feelings and attitudes, and (3) characterization and action. Therefore, values may be measured in these dimensions depending on the objective of the lesson.*

*In the knowledge level, the learner's concept of a value is ascertained. For instance, based on his own thinking, belief or decisions, he can define or describe a person who is socially responsible.*

*His feelings or attitudes may be assessed as regards the importance of the values of social responsibility, of how he feels about his (her) stance and how he (she) expresses these feelings or interests in helping others. Finally, assessment can be done in terms of how he acts upon his decisions, beliefs and feelings. In other words, how the individual puts this value of social responsibility into practice in his daily life.*



*Ideally, teachers would want to evaluate all the three levels. The first two levels are easier to evaluate. However, very seldom, if at all, do the learners manifest the value in the action level after a day's or even a week's lesson. Nevertheless, the teacher can identify potential triggers for action. This phase poses the biggest challenge for the teacher to seek alternative strategies for evaluating these potentials/initial actions that may eventually become a part of the learner's value sytem.*

*It is important for the classroom teacher to note congruences or incongruences of results from the three levels of evaluation. Incongruences may be studied to help value-confused students. Results such as these could serve as a rich resource for further value clarification and direction for the students concerned.*



## SCQ 5.1

Isulat sa patlang ang **1** kung ang layuning tinataya ay kognitibo, **2** kung apektibo, at **3** kung ito ay kilos***.***

______1. Naipaliliwanag ang kahulugan ng kabutihang-loob

______2.Naipahahayag ang sariling konsepto ng pagiging responsableng magulang

______3. Naibubulalas ang damdamin kaugnay sa tanawin sa bayan

______4. Naipakikita ang pagtulong sa kaklase na nasunugan

______5. Naipahahayag ang saloobin tungkol sa pagsisinungaling

______6. Naitatalaga ang sarili sa pagsasaayos ng mga gamit sa paaralan

______8. Natatalakay ang konsepto ng likas-kayang pag-unlad

______9.Nakikilala ang sariling damdamin sa mga sitwasyong nangangailangan ng pagdarasal

______10. Naisasagawa ang plano sa pagpapabuti ng pagdisiplina sa sarili

## Mga Estratehiya sa Pagtataya

Ang pagtataya ng pagpapahalagang nalinang ay batay sa layunin ng pagtuturo. Mahalagang matiyak ang layunin ng paglinang at malaman kung ito ay kognitibo, proseso ng pagpapahalaga, o kilos na tatayain. Kapag kognitibong layunin ang tinaya, dapat tamang konsepto ng pagpapahalaga ang naisagot ng mag-aaral. Kapag apektibo ang layunin ng paglinang, maaaring ang sagot ay batay sa personal na damdamin o saloobin.

May halimbawa ng mga layunin ng pagkatuto sa dayagram sa ibaba. Mapapansin na ang umpisang salita ng layunin ay "naihahayag" para sa kognitibo, "naipakikita (ang damdamin)", para sa apektibo, at "naisasakilos" naman ang sa pagsakilos.

PSLC: Nakatutugon sa mga hamon at suliraning pansarili sa pamamagitan ng wastong pamamahala ng emosyon (1st yr, #2.5)

**THINKING**

Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kagalingang pang-emosyon sa pagharap ng personal na suliranin

**VALUING**

Naipakikita ang positibong pangangasiwa ng emosyon sa harap ng suliranin

**ACTING**

Naisasakilos ang positibong saloobin at kasanayan sa pangkatang gawain

Ang ilan sa mga pangunahing estratehiya sa pagtataya ay ang sumusunod na mula sa aklat nina Alcantara, Punsalan et. al. (1990).

A. *Self-Report Strategy. In self-report instruments, respondents are often directed that there are no right or wrong answers but only responses that best describe their honest feelings or responses about the items.*

1. Rating Scales
2. Questionnaires
3. Opinionnaires
4. Checklist/Inventories
5. Completion Tests
6. Multiple Choice
7. Semantic Differential
8. Likert Scales
9. Interview Guides/Schedules
10. Team Interviews

*Examples:*

Sentence Completion Type:

***Matematika: Value*** *– (Pagkamaagap)*

1. *Sa ganang akin, ang oras ay_________ sapagkat __________.*
2. *Sa aking palagay, ang taong nagpapahalaga sa panahon ay _________________.*
3. *Ngayon at alam ko na ang kahalagahan ng oras, simula ngayon, ako ay _____________________________________.*

***Sibika at Kultura: Value- Pagkamaka-Diyos***

1. *Naipakikita ko ang aking pagkamaka-Diyos sa...*
2. *Naipakikita ko na ang taong mapagmahal sa kapwa ay ...*
3. *Naniniwala ako na ang lahat na nilikha ay...*

*Multiple Choice Type:*

***Hekasi-: Value- Pagkamakabansa***

*Kung ikaw ay muling maisisilang, alin ang iyong pipiliing lahi?*

*a. Espanyol* *c. Pilipino*

*b. Amerikano* *d. Australyano*

*Bakit?*

*Rating Scale:*

***Filipino: Value: Mabuting pakikipagkaibagan***

*Gaano kahalaga sa iyo ang mga sumusunod sa pagpili sa kaibigan?*

| Di-mahalaga | Labis na Mahalaga | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. *Pagdadamit* | *1* | *2* | *3* | *4* | *5* |
| b. *Pinag-aralan ng magulang* | *1* | *2* | *3* | *4* | *5* |
| c. *Talino at ganda* | *1* | *2* | *3* | *4* | *5* |
| d. *Pinansyal na kalagayan* | *1* | *2* | *3* | *4* | *5* |

*Likert Scale:*

| | *LS* | *S* | *DS* | *LDS* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Natutuwa ako sa pagtanggap at pagtitiwala ng mga kasama ko sa aming barangay | *1* | *2* | *3* | *4* |
| 2. Kung may pagpipilian, nanaisin kong mapabilang sa ibang uri ng pamayanan | *1* | *2* | *3* | *4* |
| 3. Hindi sapat ang aking panahon para sa mga gawain pampamayanan | *1* | *2* | *3* | *4* |

| | |
|---|---|
| LS-Labis na sumasang-ayon | DS-Di sumasang-ayon |
| S- Sumasang-ayon | LDS- Labis na di-sumasang-ayon |

B. *Projective Technique: This strategy is relatively unstructured providing a task that allows an almost unlimited variety of possible responses. The test stimuli are usually vague and ambiguous. The test materials serve as a screen on which the respondent "projects" thoughts and feelings and intentions, which may reflect the kind of values, he or she has.*

Example:



*Science: Describe the events that happened before, what is happening at present, and what could happen in the future. Include the feelings and interests of the characters in the theme.*

C. *Situational Tests/Moral Dilemmas: This strategy essentially places the student, by simulation, in a situation closely resembling a real-life situation. Performance or responses are evaluated primarily in terms of standards of goodness, consistency, appropriateness or desirability to a larger group or in terms of levels of moral development as in the stages of moral development.*

*The more commonly used strategy is the set of written situational items simulating life experiences of the students. The options may be presented which are basically leveled according to the value critieria. Other examples are moral dilemmas and critical incident techniques.*

Examples:

*Moral Dilemma:*

*Ikaw ay kumuha ng isang pagsusulit na napakahalaga sa iyo. Nang ibalik ang iyong papel, napansin mo na mataas ang iyong nakuha gayong hindi ito dapat mong marka. May pagkakamali sa pagwawasto ng iyong guro. Gayunman, kung sasabihin mo ito sa iyong guro, ay nangangahulugan ng iyong pagbagsak. Ano ang iyong gagawin?*

a. Magsawalang-kibo na lang
b. Sasabihin mo sa iyong guro ang iyong tunay na marka
c. Ibang gagawin?
   Bakit?

*Critical Incident Technique:*

*Sumulat ng mga pangyayari sa iyong nakaraan na nagpapahiwatig ng iyong pagmamalasakit sa iyong kapwa.*

*Sumulat din ng mga pangyayari na nagpapahiwatig ng di mo pagpansin sa pangangailangan ng iba. Maaaring sundan ang pormat sa ibaba*

| Pangyayari | Sa Pamilya | Sa Paaralan | Sa Pamayanan |
|---|---|---|---|
| *Pagmamalasakit sa Kapwa*<br><br>*Hindi pagpansin sa pangangailangan ng iba* | | | |



## GAWAIN 5.2

Sumulat ng aytem na sitwasyunal para sa mga kasanayang pagkatuto na nasa ibaba:

Psslc: (Ika-5 Baitang, Edukasyong Pantahanan): *Naisasagawa ang wastong pangangalaga ng katawan sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga*

Halimbawang Aytem:

Sa magkakaibigan ay ikaw ang unang dinatnan ng "regla". Ano ang maaari mong maipayo sa iyong mga kaibigan tungkol dito upang ito'y mapaghandaan at mapangalagaan nila ang kanilang katawan?

A. Huwag nilang babasain ang katawan at iiwasang maligo

B. Magtrabaho nang mabigat upang gumanda nag sirkulasyon ng dugo.

C. Maglinis ng katawan at maligo araw araw.

D. Huwag pumasok sa eskwela upang di-mapahiya.

Isulat ang iyong halimbawa sa iyong journal:

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng situational items na ginawa para sa pagtataya ng EP sa sekundarya. Mapapansing ang mga opsyon sa Susi sa Pagwawasto ay may mga iskor na 3,2,1,0; kung saan ang pinakamataas na iskor ay 3 na nagsasaad ng higit na antas na pagpapahalaga at ang 0 naman na ang ibig sabihin ay taliwas ang pagpapahalaga.

1. *SI Ronnie ay malimit tuksuhin ng mga kaklase na siya raw ay bakla dahil di siya palakibo at tahimik lamang sa klase. Minsan ay sinipa siya ng kanyang kaklase. Kung ikaw si Ronnie, ano ang iyong gagawin?*

A. Iwasan ang kaklase ngunit sisiraan niya ito sa kanilang guro.

B. Iwasan ang kaklase subalit pagbabantaan ito.

C. Iwasan ang kaklase at patatawarin na lamang.

D. Lalabanan niya ang kaklase at saka ipabubugbog.

Susi sa Pagwawasto (Scoring Key):

___ 1 ___ B. Nagawang umiwas ni Ronnie subalit ang paninira sa kapwa ay di mabuting asal.

___ 2 ___ A. Iniwasan nga ni Ronnie ang mapalaban subalit ang pagbabanta sa kapwa ay pag-iisip na rin nang masama.

___ 3 ___ C. Ang pag-iwas ni Ronnie, siya man ay bakla o hindi ay pag-iwas sa gulo at sa masama.

___ 0 ___ D. Ang paglaban ni Ronnie ay patunay na siya ay pikon at hindi marunong magpigil ng emosyon.

2. *Nag-away ang Tatay at Nanay mo dahil sila ay hindi nagkasundo sa isang bagay. Dalawang araw na silang hindi nag-uusap at nag-iimikan. Ayaw mong lumalala ito. Ano ang dapat mong gawin?*

A. Makikiusap ako na ayusin nila ang kanilang problema.

B. Kakausapin ko sila agad at ipapaalala nang maayos na walang ibubunga ang hindi pag-iimikan.

C. Hahanap ako ng pagkakataong magharap kaming tatlo para magkausap tungkol sa problema.

D. Ipaubaya ko sa Panginoon ang lahat para Siya ang bahalang lumutas sa problema nila.

Scoring Key:

___ 2 ___A. Tama ang konsepto, may aksyon kaya lamang ay walang direksyon at maaaring hindi rin malutas ito kung hanggang pag-uusap lamang.

___ 3 ___ B. Ito ang pinakamagandang aksyon dahil ang anak ay may tiyak na gagawing paraan upang mapagbati at magkaliwanagan ang mga magulang.

___ 1 ___ C. Maaaring may pagkakataong magharap ang tatlo ngunit hindi ito tiyak kung kailan. Maaari pang lumala ang sitwasyon kapag matatagalan ito.

___ 0 ___ D. Walang aksyong ginawa. Nasa Diyos ang awa ngunit nasa tao ang gawa.

## *Ang Pamamaraang Portfolio at Rubrics*

Ang *portfolio* at *rubrics* ay ginagamit na rin ngayon bilang alternatibong pamamaraan ng pagtataya lalo na sa mga *"performance-based"* at *"process-oriented learning:"*

Ang portfolio ay isang koleksyon ng mga ginawa ng mag-aaral na nagpapakita ng kanilang mga pagkatuto habang nasa proseso sila ng aralin. Ang mga halimbawa ng koleksyon na maipapakita sa portfolio ay: *essays, journals, accomplished survey forms or self-reports, reflections, results of qizzes and tests, reactions and insights written about a lesson, documentation, photos, drawings, concepts, maps and webs, timelines, flowcharts, checklists of skills mastered, notes from teachers or classmates, and testimonies.*

Ang rubrics ay isang tsart ng mga pamantayan upang mataya ang iba't ibang katangian ng isang pagkatuto, sinulat, presentasyon o kakayahang natamo sa isang aralin.

Halimbawa:

*Scoring Rubric* para sa Pagtaya ng Role-Playing
(Pagpapahalaga-Responsableng Pagmamagulang)

| Pamantayan (Criteria) | **4 Di-Pangkaraniwan** | **3 Kahanga-hanga** | **2 Katanggap-tanggap** | **1 May Pagtatangka** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-unlad ng ideya tungkol sa responsableng magmamagulang (10) | 4x 10=40 | 3 x 10 = 30 | 2x 10 = 20 | 1 x 10 = 10 |
| 2. Pagpalitaw ng angkop na damdamin kaugnay ng pagmamagulang (10) | 4 x 10 = 40 | 3 x 10 = 30 | 2 x 10 = 20 | 1 x 10 = 10 |
| 3. Bisa ng presentasyon na maipakita ang kahulugan ng pagpapahalaga (5) | 4 x 5 = 20 | 3 x 5 = 15 | 2 x 5 = 10 | 1 x 5 = 5 |
| Total | 100 | 75 | 50 | 25 |



# TANDAAN NATIN

1. Maraming eksperto at mga guro ang nagsasabing mahirap ang pagtataya ng pagpapahalaga sa mga dahilang gaya ng: (a) Ang paglinang ng pagpapahalaga ay mahabang proseso; (b) Nagkaka-iba-iba ang mga opinyon ng mga nagtataya dahil may mga pagpapahalagang subhetibo; (c) Pagkakaroon ng agwat sa paniniwala at kilos ng tao; at (d) Pagpepeke ng sagot sa pagtataya.
2. May tatlong komponent sa layunin ng pagpapahalaga. Sa pagtataya, may katumbas din ang mga ito na tatlong komponent: kognitibo (Ideya, konsepto, kaisipan, paniniwala); apektibo (damdamin, saloobin, paninindigan); at aksyon (kilos, gawa).
3. May iba't ibang pamamaraan ng pagtataya sa nalinang na pagpapahalaga gaya ng self-report strategy na kinabibilangan ng *rating scales, questionnaires, checklist, completion tests, multiple choice, semantic differential, Likert Scales, interview guides at interviews.*
4. Ang iba pang estratehiya sa pagtataya ay ang *projective technique, critical incident technique, situational tests, at moral dilemma.*
5. Ang paggamit ng alternatibong pamamaraan ng pagtaya gaya ng *performance test o rubrics* at paggawa ng *portfolio* ay malawakang ipinagagamit sa mga guro ngayon sa ilalim ng 2002 BEC. Ang mga ito ay angkop na angkop sa EP sa dahilang binibigyang-diin dito ang proseso ng pagpapahalaga.
6. Ang pagtataya ng pagkatuto sa pagpapahalaga ay ginagamitan ng balanseng pamamaraan gaya ng pagtaya ng konsepto sa pamamagitan ng tradisyunal na pamamaraan, at sa proseso ng pagpapahalaga naman ay sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamamaraan gaya ng mga nailahad sa araling ito.

# GLOSARI

- Dignidad Pantao (*Human Dignity)*-Ito ay nakaugat sa katotohanang ang tao ay nilikha na kawangis ng Maykapal. Ito ang pagkabuo ng tao, ang pagkaroon niya ng pagkakataong mapaunlad niya ang kanyang kaganapan bilang tao. Ang karapatang ito ay nasa bawat tao at walang eksepsyon, mahirap man o mayaman, mangmang man o marunong, makapangyarihan man o api.
- Dimensyon ng tao (*Dimension of the human person*)–Ito ang aspeto ng kakayayan at potensyal ng tao. Kasama rito ang pisikal, ispiritwal, intelektwal, moral, sosyal, ekonomik, at politikal.
- Edukasyon sa Pagpapakatao (dating Edukasyon sa Kaasalan at Wastong Pag-uugali or EKAWP)–Ito ay isang asignatura sa antas elementarya. Sa BEC 2002, ito ay nakasanib sa Makabayan ngunit sa kasalukuyan ay itinuturo bilang magkahiwalay na aralin sa 20-30 minuto bawat araw. Ayon sa pinakabagong DepEd Memorandum, ang asignaturang ito ay tatawaging Edukasyong Pagpapakatao.
- Edukasyon sa Pagpapahalaga (EP) *(Values Education*)-Ito ay isang asignatura sa antas sekundarya. Sa BEC 2002, isang hiwalay na aralin ito sa Makabayan. Sa kasalukuyan ay itinuturo ito ng dalawang (2) oras bawat linggo mula sa unang taon hanaggang ikatlong taon at tatlong (3) oras para sa ikaapat na taon. Isa itong proseso ng paglinang ng mga pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa paggabay ng kanilang guro.
- Kaganapan ng Tao *(Human Perfection)*-Ito ang tunguhin ng tao, isang paglalakbay patungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng mabubuting gawa, aksyon o kilos na naaayon sa kalooban ng Lumikha.
- Kaugnay na Pagpapahalaga (*Related Values)*–Ito ang mga iba't ibang pagpapahalaga na maaaring makalinang o makapaunlad sa pangunahing pagpapahalaga. Halimbawa, ang paggalang ay kaugnay na pagpapahalaga ng kapayapaan. Kung may paggalang sa pagkakaiba-iba ng opinyon, anyo, relihiyon o kultura ay malamang na magkaroon ng kapayapaan sa mundo.

- Likas-Kayang Pag-unlad (*Sustainable Development)*–Nangangahulugan ito na ang pangunahing pangangailangan sa kasalukuyan ay natutugunan na hindi ikinokompromiso ang kakayahan ng mundo na matugunan din ang mga pangunahing pangangailangan ng mga susunod na henerasyon.
- Pagsanib ng Pagpapahalaga *(Values Integration)*–Ito ang proseso ng pagtuturo ng pagpapahalaga sa mga aralin gaya ng Matematika, Agham, Ingles, Filipino, Musika at iba pang asignatura. Bagama't ang paksang-aralin, halimbawa ay *parts of the reproductive system* sa, maaring isanib dito ang paggalang sa buhay na nasa sinapupunan.
- Pilosopiya *(Philosophy)*–Ito ang kaisipan, pagtingin, paniniwala, o saloobin ng isang tao o ng isang pangkat tungkol sa isang bagay o pangyayari na maaaring gabay sa kanyang/kanilang gagawin. Halimbawa, ang pilosopiya sa edukasyon ay naglalaman kung ano ang pagtingin ng mga guro at propesor sa layunin, angkop na pamamaraan at katuturan ng paghubog sa mga mag-aaral.
- Toleransya (*Tolerance)*–Ito ay tumutukoy unang-una sa bukas na kaisipan, hindi makitid ang pagtingin, at walang pagkiling. Hinihingi rito ang paggalang gayundin ang pagpaparaya, pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng mga kultura at iba pang ekspresyon ng pagkatao. Kinikilala nito ang realidad ng pluralismo, ang kalayaan at karapatang pantao.

# SUSI SA PAGWAWASTO

# PANIMULANG PAGSUSULIT

1. Sumulat ng limang (5) elemento ng pilosopiya ng tao.

    *b.* *Ang tao ay binubuo ng materyal (katawan) at ispiritwal na kalikasan.*

    *c.* *Ang tao ay may pinanggalingan at patutunguhang kaganapan.*

    *d.* *Ang tao ay nakikipagkapwa at may kakayahang sosyal.*

    *e.* *Ang tao ay may kakayahang ekonomik.*

    f. *Ang tao ay may kakayahang politikal*.

    g. *Iba pang sagot*: Ang tao ay hinubog ng kanyang kasaysayan.

    **Score: 5 points (1 check for every answer)**

2. Ano ang pitong pangunahing pagpapahalaga (7 core values) na naaayon sa pitong dimensyon ng tao?

    a. dimensyong intelektwal*: truth and tolerance*

    b. dimensyong ispiritwal: *global spirituality*

    c. dimensyong pisikal: *health and harmony with nature*

    d. dimensyong moral: *love and goodness*

    e. dimensyong sosyal*: peace and justice*

    f. dimensyong ekonomik: sustainable human development

    g. dimensyong politikal: *nationalism and globalism*

    **Score: 7 points (1 check for every answer)**

*3.* Sang-ayon ka ba na ang ubod ng mga pagpapahalaga na pinagtutuunan ng pagtuturo o pagsanib ng pagpapahalaga ay dangal pantao (human dignity)? *Oo*_ Bakit? *Ang dangal pantao ang siyang tunguhin ng lahat ng paglinang ng kakayahan at potensyal ng tao. Ito ay upang mapangalagaan ang kanyang*

*dignidad – ang kanyang pagkatao. Ito ay sa dahilan ding ang kanyang dignidad ay nauugat sa pagkalikha niya na kawangis ng Diyos na Maylalang.*

**Score: 2 points**

4. Ano ang pangunahing layunin ng paghubog ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral? _*Ito ay upang magabayan silang maging matatag sa pagiging mabuti at responsableng indibidwal at mamamayan na nakikipamuhay sa isang makatao at makatarungang lipunan*.

   **Score: 2 points**

5. Isulat ang alam mong pinanggalingan ng tao at kung saan siya patutungo.

   *Ayon sa turo ng pilosopiyang moral at sa relihiyon, ang tao ay nilikha ng Diyos at siya ay patungo sa landas ng kaganapan – ang makapiling ang Diyos na Maylalang.* _

   **Score: 2 points**

6. Ano ang iyong batayan sa iyong sagot sa bilang 5? *Ang Pilosopiyang Moral at ang Relihiyong Kristiyano o Muslim; at iba pang relihiyong may pananampalataya sa Diyos.*

   **Score: 1 point**

7. Ano ang pakultad o kakayahan ng tao na wala sa ibang nilalang? Ipaliwanag ang sagot. *Ang ispiritwal na pakultad: ang kaisipan o intellect, kalooban o will at konsyensya – Ito ay kakayahan ng tao na mag-isip, mangatuwiran, at maghanap ng katotohanan. Sa Ingles, ito ang sinasabing rationality of the human person.*

   **Score: 2 points**

8. Ano ang ibig sabihin ng malayang kalooban? *Ito ang kalayaan ng tao na pumili ng gusto niyang isipin, sabihin at gawin nang may responsibilidad.*

**Score: 2 points**

9. Ano ang ibig sabihin ng pagpapahalaga?

   a. Ang pagpapahalaga ay anumang bagay o pangyayari na itinuturing na kapuri-puri at hinahangad ng tao hindi lamang para sa kanya kundi para sa kapwa.

   *b. Ang pagpapahalaga ay tumutukoy sa kung ano ang dapat (ought-to-be) at kung ano ang dapat gawin (ought-to-do).*

**Score: 2 points (isang pagpapaliwanag lamang)**

10. Ano ang mga antas at uri ng pagpapahalaga?

   *a. Antas/Hirarkiya: Pandama, Interpersonal, Ispiritwal, Banal*

   b. Uri: Ganap na Pagpapahalagang Moral,

   Pagpapahalagang Panggawi o Pangkultural

**Score: 6 points (4 points for Antas and 2 for Uri)**

11. Ano ang Batas Moral? *Ito ang nagbibigay ng direksyon sa pantaong kilos para makarating sa tamang patutunguhan. Nauugat ito sa Batas ng Diyos at Batas ng Kalikasan.*

**Score: 2 points**

12. Ano ang 3 elemento at 7 pamantayan ng proseso ng pagpapahalaga?

| | |
|---|---|
| Elemento: a. *Pamimili* | Pamantayan:<br>*Pamimili mula sa mga alternatibo*<br>*Pamimili nang malaya*<br>*Pamimili nang matalino* |

*Pagbibigay halaga*
*Pagmamalaki*

c. *Pagkilos* — *Pagkilos*
*Pagsasabuhay*

**Score: 8 points (3 points for elemento and 7 for pamantayan)**

13. Magbigay ng 2 estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng pagpapahalaga na nasa uri ng bawat pagdulog sa ibaba:

   a. Values Inculcation: *modelling; storytelling, moralizing, preaching, advertising, nagging, reminding*
   b. *V*alues Clarification: *role-playing, self-analysis/introspection, simulated games, ranking, sentence completion, journal writing,*
   c. *V*alues Analysis: *debate, discussion, question-answer, case studies, research, group study; library or field studies*
   d. *M*oral Dilemma: *moral dilemma situations; case study, argumentation, debate;*
   e. *A*ction Learning : *action project, experiments, community immersion*
   f. *T*ranspersonal: *meditation, relaxation exercises, fantasy trips, centering, deep breathing*

**Score: 12 points (1 check for every answer)**

14. Ano ang 4 na bahagi ng pagdulog ACES?

   a. *Activity* — c. *Abstraction*
   b. *Analysis or Processing* — d. *Application*

. **Score: 4 points (1 check for every answer)**

15. Maglista ng tatlong mga pamaraan o estratehiya na maaaring makatulong sa pagkaroon ng isang " Child-Friendly School System" na magagawa ng Guro sa EKAWP o EP?

a. pagiging modelo ng magandang asal sa mga bata

b. paggamit ng kawili-wiling pamamaraan gaya ng *experiential learning*

c. pagtatanong ng apektibong pagkatuto o *"valuing process questions"*

d. paggamit ng mga malikhaing kagamitang pangturo

**Score: 3 points** (1 check for each answer)

16. Anong 3 gawi ng tao ang maaaring mataya na nagpapakita ng pagpapahalaga?

a. *Kaisipan o pagkaunawa sa pagpapahalaga*

b. *Damdamin o saloobin tungkol sa pagpapahalaga*

*c. Kilos o aksyon kaugnay ng pagpapahalaga*

**Score: 3 points (1 check for every answer)**

17. Sumulat ng 5 estratehiya sa pagtataya ng pagpapahalagang maaaring nalinang ng pagtuturo ng guro.

*Rating Scale,*

- *Rating Scale,*
- *Likert Scale*
- *Situational Items*
- *Projective Technique*
- *Checklists*
- *Performance Tests*
- *Rubrics*

*Attitude Scale*

*Multiple Choice*

*Critical Incident Technique*

*Interview Schedules*

*Semantic Differential*

*Portfolio Assessment*

**Score: 5 points (1 check for every answer)**

**Maximum Total Score: 68 points**

# Kahulugan ng Iskor

55-68: Magaling ka, pero kailangan mo pa ring balik-aralan ang Modyul na ito.

45-54: Magiging madali ang pag-aaral mo sa mga aralin sa Modyul.

30-44: Meron kang kailangan pag-aralang mabuti sa ilang mga aralin.

15-29: Kailangan mong masusing pag-aralan ang mga aralin.

5-14: Kailangang-kailangan mong pag-aralang mabuti ang Modyul.

# SUSI SA PAGWAWASTO

Ang mga susi sa pagwawasto ng mga "Self Check Questions" (SCQ) na iyong sinagutan sa bawat aralin ay makikita sa bahaging ito. Kung maaari, sagutan mo muna ang mga tanong na nasa bawat aralin bago tingnan ang tamang sagot. Higit kang matututo kung ganito ang iyong pamamaraan sa paggamit ng bahaging ito ng Modyul.

## Aralin 1

### Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 1.1

| | Preamble | Article XIV, Sec. 3.2 |
|---|---|---|
| ▪ Maka-Diyos | ▪ Imploring the aid of Almighty God<br>▪ Regime of truth, justice, freedom, love, equality, and peace | ▪ Ethical and spiritual values<br>▪ Critical and creative thinking |
| ▪ Maka-Tao | ▪ To build a just and humane society<br>▪ Shall embody our ideals and aspirations<br>▪ Promote the common good<br>▪ Freedom, love, equality and peace | ▪ Love of humanity<br>▪ Respect for human rights<br>▪ Develop moral character and personal discipline<br>▪ Critical and creative thinking<br>▪ Promote vocational efficiency<br>▪ Scientific and technological knowledge |
| ▪ Maka-kalikasan | ▪ Conserve and develop our patrimony | ▪ Scientific and technological knowledge |
| ▪ Maka-Bayan | ▪ To build a just and humane society<br>▪ Promote the common good<br>▪ Blessings of independence and democracy<br>▪ Rule of law<br>▪ Truth, justice, freedom, love, equality and peace | ▪ Patriotism and nationalism<br>▪ Appreciate the role of the national heroes in the historical development of the country<br>▪ Teach the rights and duties of citizenship<br>▪ Promote vocational efficiency |

### Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 1.2

1. **a–**Ang pagtatamo ng personal na ambisyon o tagumpay ay makasarili kaya ito ang pinakamahinang kaugnay sa pagpapapunlad ng kaganapan ng tao.

2. **a**–Ang mga guro ay hindi pinipilit na magsanib ng pagpapahalaga. Hindi rin ito paminsan-minsan lamang kundi sa lahat ng panahong maaaring magturo ng pagpapahalaga sa mga bata. Hindi rin mga gurong nagsanay lamang ang maaaring magturo nito.

3. **d–**Bawat tao ay may karapatang pantao na dapat ipagsanggalang. Ito ang pangunahing tungkulin upang mapanatili ang dangal pantao. Ang pag-abuloy sa mahihirap at kalayaan sa pamamahayag ay mga halimbawa ngunit marami pang iba na dapat gawin ng isang tao para sa pagpapahalaga ng dangal pantao.

4. **d–**Ang materyal na dimensyon ng tao ay dapat tugunan din ngunit may higit na matataas na antas na dapat bigyang-pansin sa pagpapaunlad ng kanyang potensyal para sa kaganapan.

5. **a–**Malayong marating ang pagkakaroon ng sandaigdigang relihiyon. Kayat ang paggalang sa iba't ibang relihiyon ang lumilinang sa pagpapahalaga.

## Aralin 2

### Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 2.1

1. Isang halimbawa ng alamat ay "Ang Paglikha ni Kabunian ng Tatlong Klase ng Tao na may Iba't ibang Kulay". May alamat din na nagsasabing kinipil ang lalaki at babae mula sa alabok ng higanteng si Melu. Hindi dapat pinaniniwalaan ang mga ganitong alamat dahil ang mga ito ay mga kwento na gawa-gawa lamang.

2. Halimbawa ay si Charles Darwin na isang syentipikong nagsagawa ng pag-aaral tungkol sa pinagmulan ng tao. Kilala siya sa Teorya ng Ebolusyon. Ang isa pang teorya ay ang *Big Bang Theory* na nagsasaad ng pinagmulan ng mundo.

3. Magkakaiba ang magiging kasagutan.

4. Ang mga Kristiyano ay naniniwala na nilalang ng Diyos ang tao na kawangis Niya. Ang *Moral Philosophy* ay batay rin sa pagkakaroon ng Batas Moral na mula sa Batas ng Diyos.

5. Ang relihiyon na Kristiyanismo at Muslim ay naniniwala na ang pinagmulan at patutunguhan ng tao ay ang Diyos o Allah na Siyang maylikha sa kanya.

6. Mahalaga ang pag-unawa sa pinagmulan at patutunguhan ng tao (origin and destiny of the human person) upang sa ganoon ay makapagbalangkas siya ng mga pamamaraan na angkop sa kanyang kalikasan para sa kanyang pagtahak sa landas ng buhay.

7. Ang buhay ng tao ay galing sa Diyos. Dapat nating pasalamatan Siya sa pamamagitan ng pag-aalay sa Kanya ng mabuting pamumuhay.

**Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 2. 2**

1. b – Ang pagiging mapag-kapwa ang pinakamagandang pagpapakita ng kabutihang loob ng tao.
2. a- Ang tao lamang ang may isipan at kalooban o “will” bilang ispiritwal na pakultad. Ang mga hayop ay may memorya, kamalayan at pakiramdam ngunit wala silang rason at kalayaan ng kalooban.

3. d - Ang ispiritwal na kakayahan ng tao ay may tunguhin para sa pagmamahal sa kapwa tao. Ito ang isa sa dalawang bilin ng Maylalang, Ang mahalin Siya at mahalin ang kapwa lalung-lalo na ang mga kulang sa kakayahang mabuhay.

4. d – Bagamat binigyan ng Diyos ang tao ng kalayaan ng kalooban, ang kilos ng tao ay dapat na patungo sa mabuti. Dapat niyang piliin ang mabuting asal.

5. b – Ang konsyensya ay tagahusga at hindi tagaalam kung tama o mali ang isang impormasyon. Ang taga-alam nito ay ang kaisipan hindi ang konsyensya.

**Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 2.3**

(A)

1. √ - Tama: Lakas at katatagan ang ugat ng kahulugan ng pagpapahalaga.

2. √ - Tama: Ito ang depinisyong malapit sa pagbibigay-kahulugan ng mga sosyolohista.

3. __ - Mali: Bagamat mahirap para sa tao ang magpakabanal, may mangilan-ngilang nilalang na maituturing na nagpakabanal gaya nina Mother Theresa at Mahatma Gandhi.

4. √ - Tama: Ang kaganapan ng tao ay natatamo lamang kung siya ay nagpapakabuti sa kanyang pagtahak sa landas ng buhay.

5. √ - Tama: Ang pagpapahalaga ay hindi lamang nangangahulugan ng kung ano ang dapat (batay sa tama at mabuti) kundi kung ano ang dapat gawin (kilos).

(B)

1. --- Mali: Ang mga pagpapahalaga ay naaantas mula sa pinakamababang uri mula pandama, interpersonal, ispiritwal at hanggang banal.

2. √ - Tama: Ang unang dalawang antas na ito ay nasa materyal na dimensyon ng pisikal at sikolohikal.

3. √- Tama: Ang mga pagpapahalagang katarungan, katotohanan at kapayapaan ay unibersal, at tanggap lahat ng tao sa mundo sa lahat ng panahon.

4. ----Mali: Ang moral na pagpapahalaga ay hindi obhetibo.

5. √ - Iba-iba ang gawi ng mga tao kaya ang mga pagpapahalagang panggawi ay subhetibo ayon sa katangian ng bawat tao.

## Aralin 3

### Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 3.1

Pamimili

1. Pamimili nang malaya
2. Pamimili mula sa ilang mapagpipilian
3. Pamimili nang malalim

Pagtatangi

1. Pagbibigay halaga
2. Pagmamalaki

Pagsasagawa

1. Pagsasagawa o pagkilos
2. Pagsasabuhay

## Aralin 4

### Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 4.1

| Sitwasyon | Pamamarang Ginamit sa Pagtuturo |
|---|---|
| **1** | Values Clarification–sapagkat nabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magkaroon ng makabuluhang pagsusuri sa kanilang mga paniniwala, asal o kilos at mga pagpapasya. Ito rin ay isang pagkakataong maibahagi ang pagpapahalaga nang bukas at tapat sa kapwa. |
| **2** | Transpersonal Approach–sapagkat ang gawain ay makapaglilinang ng mataas na kamalayan at spiritwal na paglago ng sarili. |
| **3** | Inculcation- sapagkat ang mga pagpapahalagang nagsisilbing pamantayan at sukatan ng lipunan ay maaari nilang tularan at maging huwaran. |
| **4** | Moral Development–dito ay matutulungan ang mga mag-aaral na malinang ang moral na pangangatwiran at kaisipan batay sa mataas na uri ng mga pagpapahalaga. Mahihikayat ang mga mag-aaral na talakayin ang mga kadahilanan sa pagpili ng mga pagpapahalaga at posisyong kanilang pinanindigan. |
| **5** | Action Learning–sapakat ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na matuklasan, maisabuhay o maisakilos ang kanilang mga pagpapahalaga bilang kasapi ng isang komunidad at sistema. |
| PNU ACES approach **6** | Value Analysis – sapagkat makakagamit ang mga mag-aaral ng makatwiran o lohikal at syentipikong pamamaraan sa pagsisiyasat sa mga isyung panlipunan sa kanilang kapaligiran. |

**Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 4.2**

1. **Bakit sinabing alternatibong pamamaraan ng pagtuturo ng pagpapahalaga ang PNU ACES Approach?**
   - Sapagkat nagtangkang pagsama-samahin ang mga kalakasan ng limang pamamaran ng pagtuturo ng pagpapahalaga upang mas maging matagumpay, kawili-wili at mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral.
   - Hindi basta lamang ikinikintal o itinuturo ang mga pagpapahalaga sa mga mag-aaral sapagkat sila ay daraan sa isang proseso sa tulong at gabay ng guro upang makuha ang mga pagpapahalaga mula sa inihandang gawain.

2. **Ano ang confluent theory of education?**
   - Ang confluent theory of education ay ang sabay na pagtatamo ng mga pagkatutong pangkaisipan at pandamdamin mula sa sarili at pangkatang gawain.

3. **Anu-ano ang apat na mahahalagang bahagi ng pamamaraan ng PNU ACES?**
   - Gawain, Pagsusuri, Paghahalaw at Paglalapat

4. **Anong mahalagang paalala ang dapat mong tandaan sa bahagi ng Pagsusuri?**
   - Hindi dapat maging limitado sa mga naimungkahing tanong ang usapan at talakayan. Mahalaga sa bahagi ng pagsusuri na maiugnay ang sarili nilang karanasan, kalooban, kaisipan at ikinikilos at sa kasalukuyang pinag-uusapan.

5. **Kailan nagiging makahulugan ang isang aralin? Bakit?**
   - Ang isang aralin ay magiging makahulugan lamang kapag ito ay nailalapat sa tunay na buhay.

6. **Gumawa ng sariling *lesson plan* na gagamitan ng estratehiyang ACES. Pumili ng isang *learning competency* na nasa antas o baitang na itinuturo.**

(Tiyaking gagamitan ito ng ACES na may mga malikhaing estratehiyang kinakailangan sa panahong ang mga kabataan ay aktibo sa pagtuklas ng mga bagong pagkatuto.)

**Susi sa Pagwawasto para sa SCQ 4. 3**

1. c. value analysis
2. d. in-depth self-analysis
3. c. action learning
4. c. gawain ng aralin
5. b. debate o diskusyon
6. c. PNU-ACES approach

## Aralin 5

A. **Susi sa pagwawasto para sa SCQ 5.1**

Isulat sa patlang ang **1** kung ang layuning tinataya ay kognitibo, **2** kung apektibo, at **3** kung ito ay kilos***.***

___ 1___ 1. Naipaliliwanag (Kaisipan)

___ 1___ 2. Naipahahayag ang sariling konsepto (Kaisipan)

___ 2 ___3. Naibubulalas ang damdamin (Damdamin- apektibo)

___ 3 ___4. Naipakikita ang pagtulong (Aksyon)

___ 2 ___5. Naipahahayag ang saloobin (Apektibo)

___ 3 ___6. Naitatalaga ang sarili sa pagsasaayos (Aksyon)

___ 1___ 8. Natatalakay ang konsepto (Kaisipan)

___ 2 ___9. Nakikilala ang sariling damdamin (Damdamin)

___ 3 ___10. Naisasagawa ang plano (Aksyon)

# MGA SANGGUNIAN


Alcantara, Rebecca D., Punsalan, Twila G. et.al (1990) **Approaches and Strategies for Values Education,** Vibal Publishing House, Inc. Quezon City.

Dy, Manuel (1994). **Values in Philippine Culture and Education.** Philippine Philosophical Studies I. Series III.

Esteban, Esther. (1990) **Education in Values: What, Why and For Whom**. Manila: Sinagtala Publishers, Inc.

Hall, Brian, et. al. (1982). Readings in Values Development. New Jersey: Paulist Press.

Hanson, Wes et. al (2000) **Character Counts! Good Ideas To Help Young People Develop Good Character**, Josephson Institute: California

Kawanihan ng Edukasyong Elementarya ( 2002) *Handbook sa Makabayan, 2002 Basic Education Curriculum (Antas Elementarya)*, DepEd Complex: Pasig City

Kawanihan ng Edukasyon Sekondarya (2002) *Patnubay sa Operasyonalisasyon ng Makabayan, 2002 Kurikulum sa Batayang Edukasyon Sa Antas Sekondarya ng Departamento ng Edukasyon*, *kawanihan ng Edukasyong Sekondarya,* DepED Complex: Pasig City

Punsalan, Twila G. et.al (1998) **Buhay: Edukasyon sa Pagpapahalaga Para sa Kolehiyo**, PNU: Manila.

______________. "Critical Thinking in the Multi-disciplinary Domain in Values Formation" Paper Read at the KISAP Annual Convention, PUP, February 22, 2002

______________. "An Evaluation of the 2002 BEC Values Integration Program. PNU Faculty Research. PNU Research Series. January 2006

**The Constitution of the Republic of the Philippines** (1986). Manila: National Bookstore

UNESCO-APNIEVE Sourcebook 2: **(2001). Learning To Be: A Holistic and Integrated Approach to Values Education for Human Development**

Values Education Program Framework (1997). UNACOM. Philippines

*Values are Caught and Taught* (2005) . Retrieved from Internet. September 2005. www.valueseducation.net

# APENDIKS

## Values Education Core Values, Related Values and Objectives
**(Source: VEP Framework, DEPED-UNACOM, 1997)**

The Values Objectives shown below are expressed in terms of desirable behaviors corresponding to the foregoing core and related values.

### Objectives for Basic Education

These objectives are prepared for the elementary grades and secondary level.

| Dimension | Core and Related Values | Objectives |
|---|---|---|
| **Physical** | **Health and Harmony with Nature** | |
| | ▪ **Holistic Health** | ▪ Show concern for the general well-being of oneself and others |
| | ▪ **Cleanliness** | ▪ Demonstrate desirable health and cleanliness habits in the home, school and community |
| | ▪ **Physical fitness** | ▪ Demonstrate desirable habits and positive attitude towards keeping oneself physically and mentally fit |
| | ▪ **Reverence and Respect for Life** | ▪ Show understanding of the general environmental principles as they apply to students' life and experience |
| | ▪ **Environmental Care** | ▪ Practice ways of making the earth a healthful place to live in i.e., proper disposal of waste materials etc.<br>▪ Show concern about environmental quality to safeguard the interest of the future generations<br>▪ Practice behavior that prevents environmental degradation, especially in the form of land, water , and air pollution |
| | ▪ **Beauty** | ▪ Appreciate the beauty of the natural environment<br>▪ Manifest appreciation for the beauty and harmony of creation and gratitude to the Creator |
| | ▪ **Art** | ▪ Demonstrate creativity and originality in undertaking activities |

| | | |
|---|---|---|
| **Intellectual** | **Truth and Tolerance** | |
| | ▪ **Love of Truth** | ▪ Demonstrate intellectual curiosity and respect for evidences in decision making |
| | ▪ **Critical Thinking** | ▪ Demonstrate critical thinking skills in solving problems met daily<br>▪ Manifest an inquiring mind |
| | ▪ **Creativity** | ▪ Demonstrate resourcefulness and inventiveness in undertaking daily activities |
| | ▪ **Tolerance** (Openness and Respect for Others**)** | ▪ Show trust and confidence in others<br>▪ Show respect for the diverse beliefs and view of people |
| | ▪ **Future Orientation** | ▪ Imagine a preferred future<br>▪ Utilize systematic methods in planning and managing that future |
| | ▪ **Scientific Orientation** | ▪ Apply scientific knowledge and skills in identifying and solving problems related to health, environment, conservation of resources, etc. |
| **MORAL** | **Love and Goodness** | |
| | ▪ **Self-worth/ self-esteem** | ▪ Show appreciation of one's worth and dignity and accept one's potentials and strengths as well as needs and weaknesses |
| | ▪ **Goodness** | ▪ Recognize one's innate "kagandahang -loob" and manifest this genuinely in living with others |
| | ▪ **Honesty/Integrity** | ▪ Show honesty in all undertakings, i.e., in taking examinations, returning things found, class elections, etc. |
| | ▪ **Personal Discipline** | ▪ Demonstrate the will power to develop desirable and appropriate behavior in performing activities in the school and community |
| | ▪ **Courage** | ▪ Manifest inner strength in the face of negative influences and events |
| | ▪ **Trust** | ▪ Show harmonious relationships in dealing and working with others |
| | ▪ **Compassion (Caring and Sharing)** | ▪ Show willingness to share, Empathize and sympathize with others feelings and sufferings<br>▪ Manifest an attitude of caring and sharing with those in need |

| | | |
|---|---|---|
| **SPIRITUAL** | **Global Spirituality** | |
| | ▪ **Faith in God** | ▪ Manifest in actual life an abiding faith in the Supreme Being and Creator of all things |
| | ▪ **Inner Peace** | ▪ Show inner peace in one's relationships with God and the human community |
| | ▪ **Religious Tolerance** | ▪ Show respect for the different religions, places of worship, objects and symbols sacred to each other |
| | ▪ **Unity of All** | ▪ Show understanding of the unity and connectedness of life in one spirit and sacred Source—the human, material, plant and animal life |
| **SOCIAL** **Family** | **Peace and Justice** | |
| | ▪ Respect and Love for one's family | ▪ Show pride and respect for one's family no matter how humble it may be |
| | ▪ Family Solidarity | ▪ Show commitment to maintain unity in the family |
| | ▪ Responsible Parenthood | ▪ Show understanding of the basic concepts of raising a family and enhancing the quality of life of its members |
| **Social** | ▪ Respect for Human Rights | ▪ Show respect for fundamental freedom and quality of all regardless of age , race , gender, language, religion, political beliefs, social class and disability |
| | ▪ Concern for Common Good | ▪ Show willingness to work together in harmony to achieve common goals |
| | ▪ Cooperation | ▪ Participate in worthy enterprises undertaken by groups of which one is as member |
| | ▪ Social Responsibility and Accountability | ▪ Demonstrate a high degree of commitment and positive attitude in upholding the people's common interest and in accepting responsibilities |
| | ▪ Creative Goodwill | ▪ Show keen interest in helping build a just and peaceful society |
| | ▪ Fairness | ▪ Demonstrate a sense of fair play and healthy competition |
| | ▪ Appreciation of Diversity | ▪ Show appreciation of the different cultures and varied forms of expression |
| | ▪ Active Non-violence | ▪ Show interest in resolving conflicts within a group or among groups through the use of positive techniques and non-violent or peaceful processes to achieve development |

| | | |
|---|---|---|
| **ECONOMIC** | **Sustainable Human Development** | |
| | ▪ Balance Between Economic and Social Development | ▪ Show understanding that development is both economic growth and social development including improved health and general well-being of the people |
| | ▪ Protection of the Environment | ▪ Recognize that everyone should take care of the environment for the benefit of the present and future generation |
| | ▪ Wise Use of Resources | ▪ Use resources wisely and economically and conserve them for use of future generations' |
| | ▪ Responsible Consumerism | ▪ Show understanding of consumer rights and obligations<br>▪ Practice simplicity of lifestyle and judicious purchase of material goods |
| | ▪ Productivity and Quality | ▪ Show wholesome work habits, attitudes and values towards work efficiency, quality and productivity<br>▪ Show commitment to quality and work efficiency |
| | ▪ Economic Equity | ▪ Show understanding of the need for equitable distribution of resources in rural and urban areas. |
| | ▪ Work ethic | ▪ Recognize the value of honest and hard work |
| | ▪ Entrepreneurial Spirit | ▪ Show innovation,discipline, risk-taking and confidence in one's ability to get things done with maximum efficiency and effectiveness |
| **POLITICAL** | **National Gobalism** | |
| | *Nationalism* | |
| | ▪ Love of Country | ▪ Show pride in the Filipino heritage<br>▪ Demonstrate the behavior of a true Filipino who is nationalistic, patriotic and loyal to the nation |
| | ▪ Heroism and Appreciation of Heroes | ▪ Show appreciation for the lives, struggles and the heroic deeds of Filipino heroes and outstanding citizens<br>▪ Show evidence of influence of heroes as role models<br>▪ Show appreciation for and take pride in the indigenous and contemporary |

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ Appreciation of Cultural Heritage | Filipino arts and culture |
| | ▪ Democracy | ▪ Show understanding of the tenets/principles of a democratic society |
| | ▪ Freedom and Responsibility | ▪ Show an understanding of the basic freedoms and their corresponding responsibilities |
| | ▪ Civic Conciousness and Active Participation | ▪ Show loyalty in performing one's role, duties, and responsibilities as a Filipino citizen, i.e, paying taxes, obeying traffic rules and regulations, etc. |
| | ▪ Committed Leadership | ▪ Perform one's responsibilities with dedication and integrity and inspire others to work hard to reach their goals |
| | ▪ National Unity | ▪ Demonstrate loyalty, unity, and pride in one's country regardless of diverse political and cultural beliefs, languages, religions, etc. |
| | ***Globalism*** | ▪ Show understanding that people of the world are in some ways depend upon each other and must get along with each other |
| | ▪ International Understanding and Solidarity | ▪ Realize the interdependence of humankind and all nations |
| | ▪ Interdependence | ▪ Show appreciation of various cultural patternsand and the contributions of other people to one's culture |
| | ▪ Appreciation of World Heritage | ▪ Show respect for the right of a group of people to follow a way of life of its choice |
| | ▪ Cultural Freedom | ▪ Work harmoniously with others regardless of nationality and creed to achieve peace |
| | ▪ Global Peace | ▪ Promote non-violence in resolving conflicts among nations |
| | | ▪ Show understanding of how global peace can be achieved through commitment to human rights, social justice and respect for cultural differences |

| | | |
|---|---|---|
| | | |